

SI CRISTO AY NAPAGKIKILALANG SIYA PA RIN SA LAHAT NG MGA SALINLAHI



Maaari na kayong makaupo. Kinokonsidera ko talaga ito na isang malaking pribilehiyo, na makaparito sa gabing ito. Sa abot ng nalalaman ko, ito ang pinaka unang beses na kami po'y nakaparito sa—sa Tampa para sa isang pagtitipon. Sa tuwina nga'y abot-abot ang pananabik ko na makaparito sa dako rito para mabisita kayo. Napaka inam na lugar, at napaka inam din ng mga tao na aming. . . tulad na lang ng mga nakakasalubong namin sa kalsada. At kami nga'y. . . sa tuwina po'y iniisip ko na balang araw ay magkakaroon ng mainam na pagtitipon dito. At di pa katagalan nung ipinaalam sa amin na makaparito, haya't lagi naming ipinapanalangin at hinihintay talaga ang malaking pagkakataon na ito. Sa wakas ay dumating din.

² Ngayon kami'y hindi, di po kami magtatagal dito masyado, bale apat na gabi lang at pati Linggo ng hapon. At talaga pong ibinibigay namin ang bawat pagsisikap na magagawa namin, para—para itaas si Jesus Cristo at makatulong na mapausad ang Kanyang Kaharian; umaasa na sa pag-alis namin, ang—ang bawat isa ay makatatanggap ng kapakinabangan, ang bawat iglesya na nakikilakip dito. At di lang 'yan, kundi kasama na rin ang lahat ng mga kaiglesyahan sa buong bansa na sila man ay makinabang sa aming pamamalagi rito.

³ At nakasisigurado ako na kami man ay makatatanggap ng malaking kapakinabangan sa pagbisita naming ito sa inyo, at sa pakikipag-usap sa inyo, at sa pangangaral sa inyo, at sa pananalangin kasama n'yo. At naparito kami para masaksihan kung gaano pong karaming mga kaluluwa ang maaakay namin na sila'y maligtas patungo sa Kaharian ng Diyos, at pagkatapos ay manalangin din para sa mga maysakit na may karamdaman at nangangailangan.

⁴ Di po namin kinukuha ang lugar ng pagiging doktor, hayan nga, dahil di naman kami mga doktor. Ang amin—amin lang sinasabi ay nananalangin kami para sa kanyang mga pasyente, na pagalingin 'yun ng Diyos. At sa palagay ko ay mauunawaan 'yan nang maluwag ng doktor. At kaya ngayon ang amin—amin ngang. . .

⁵ Ang sinisikap naming gawin sa malakihang mga gawain na ito ay ang dakilain si Jesus Cristo. At dito, sigurado po ako, na

di ito para bang nakakasagasa kami ng kahit sino sa inyo sa pagsisikap namin na dakilain si Jesus Cristo, dahil 'yan mismo ang ipinunta natin sa dako rito.

⁶ Ngayon, bawat Cristiano, bawat mananampalataya ay may lubos na pananabik na makita Siya, na magkaroon ng kung anong paraan na makaugnay Siya, at makakuha ng malaking bahagi sa Kanya, sampalatayanan pa Siya nang lubos. At 'yan ang ating ipinunta rito para gawin, na magsama-sama, para makita kung hindi ba't makakapagtulungan tayo nang sama-sama at sampalatayanan ang mga Kasulatan para sa layunin na 'yan.

⁷ Ngayon, sa mga kapatid ko rito, sa mga ministro, na sila po'y nakamayan ko na kanina, ako po'y tunay na nagagalak na makita ang grupo ng mga ministro na nagtaguyod ng malaking gawain na ito. At hindi po ako naparito para—para magdala ng kung anong bagay na bago, bagkus ay ang maihabi ko ang akin pong lambat sa lambat nila.

⁸ Alam n'yo, sinabi ni Jesus, “Ang Kaharian ng Langit ay gaya sa isang lalaki na kumuha ng lambat at nagpunta sa lawa, at inihagis ang lambat doon, at, sa paghila niya sa lambat, ay nakahuli siya ng sari-sari sa lambat na ito.”

⁹ Ngayon, tayo'y mga mangingisda, siyanga. At napakarami talagang mga isda sa lawa na 'yun, na nais ng Diyos. At kapag nahuli na ang pinaka huling isda, tapos na. Ngayon di po natin alam kung kailan makukuha ang huling isda na 'yun mula dun. At ngayon naparito po ako. . . Ang isang lambat, sabihin na lang natin, na kaya nitong abutin ang *ganitong* kalawak na talampakan, 'yung isa namang lambat ay aabot nang *ganitong* kalawak na talampakan. Ngayon kung paglalakipin natin ang ating mga lambat na magsama-sama, ihahabi ko ang lambat ko sa lambat nila, mas malawak ang ating maaabot at marahil, sa ganung paraan, ay maabot 'yung ilan na di natin kayang abutin kung di sa ganoong paraan.

¹⁰ Lahat po tayo'y naniniwala sa Pagparito ng Panginoon, na ang Pagparito Niya ay nalalapit na. Naniniwala nga tayo na Ito po'y nalalapit na talaga ngayon. Hindi lang natin alam kung anong oras ang pagdating Niya. Sa ganito pong pagtingin, nais nga namin na ilagay ang bawat pagsisikap na nalalaman natin na magagawa, para pausarin ang Kaharian at kunin ang huling tao na 'yun na maililigtas patungo sa Kaharian. At kapag ang huli ay nailigtas na, wala nang—wala nang matitira pa kahit isa. Sapat na *mismo* ang bilang. At kapag ang huli na 'yun ay naakay na, kumpleto na ang Katawan ni Cristo, darating na po ang Pag-agaw.

¹¹ At heto nga na nananabik tayo sa araw na 'yan, na tayo'y makaalis na sa dakong ito na kinalalagyan natin ngayon, dahil ito'y isang—isang bahay—peste talaga, alam natin 'yan, tadtad ng

sakit, karamdaman, at kabiguan, at mga suliranin. At, naku, sino ngang may gusto na manatili rito, samantalang may mas mainam na Dako na mapupuntahan naman?

¹² Kaya tayo'y—tayo'y nagsusumikap na ang bawat kaluluwa ay maligtas, nang sa gayon makaparito na si Jesus. At hindi pa Siya paparito hanggang sa ang huli na 'yun na ang pangalan ay naroon mismo sa Aklat ng Buhay, na nailagay na Roon bago pa matatag ang mundo; haya't kapag ang pangalan na 'yun ay natawag na, 'yun na ang pinaka huli talaga. Siya'y pumarito para magtubos, magpanumbalik. Ang ibig sabihin ng *magtubos* ay “magpanumbalik.” At kapag nadala na Niya ang huling 'yun papasok . . . Siya'y nakaupo sa kanan ng Diyos, sa gabing ito, ginaganap ang gawain ng tagapamagitan. At kapag ang huling kaluluwa na 'yun ay naligtas na, na tinubos, at nakita na't kilala na ng Diyos bago pa matatag ang mundo; kapag ang huling kaluluwa na 'yun ay naligtas na, 'yun ang magsasara sa Aklat. Pagkatapos ay dadako roon ang Cordero, kukunin ang Aklat mula sa kanang kamay ng Siyang nakaupo sa luklukan. Pagkatapos ito'y . . . Siya'y darating na, paparito na Siya sa lupa. Binubulay ko nga na ang Diyos ay . . .

¹³ Maraming beses na tayo'y naliligalig at nagsisimula tayong mag-isip ng kung anu-ano, “Buweno, siguro'y *ganito* 'yun, at kinakailangan nating gawin ito nang *ganito* o gawin 'yun nang *ganoon* kaya.” Wala nga tayong dapat gawin na kung ano roon; haya't gampanan lang natin ang ating bahagi na ipinapanguna Niya sa atin na gampanan. Alalahanin n'yo, walang bagay na walang layunin.

¹⁴ Ang dakilang Diyos na pinakamakapangyarihan sa lahat ay may eksaktong pagkaalam na, bago pa matatag ang mundo, na tayo'y mauupo sa dakong ito sa gabing ito. Yamang Siya'y sa walang katapusan, ganoon ngang alam Niya. Haya't, di Siya maaaring walang katapusan nang di nalalaman ang lahat ng mga bagay. At sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman ay alam na Niya na ang pagtitipon na ito ay madadako rito; at kung tutuusin pa nga'y Siya mismo ang nagtalaga nito, ako'y naniniwala na ganoon nga, para makaakay pa ng ilan patungo sa Kanyang Kaharian.

¹⁵ Ang Diyos, hayan nga sa pasimula, Siya'y Diyos na nag-iisa. Buweno, Siya'y di pa nga diyos kung tutuusin; Siya'y nag-iisang Walang Hanggan. Ang Diyos kasi'y . . . Ang ibig sabihin kasi nitong Ingles nating salita na *Diyos* ay “pinag-uukulan ng pagsamba.” At wala pa namang naroon noon para sumamba sa Kanya. Siya'y mag-isang kusang mabubuhay nang walang hanggan, Elohim. Haya't wala pang naroon para sumamba sa Kanya, kaya Siya'y itinuturing na nag-iisa't dakilang Walang Hanggan.

¹⁶ Pero naroon na sa Kanya noon ang mga katangian. At kapag sinabing katangian ito'y mga kaisipan. Katulad na lang sa sarili n'yo na kailangan n'yong mag-isip bago n'yo salitain; pagkatapos kapag nasalita n'yo na, ito'y nagiging salita na. At kaya Siya ang Walang Hanggan, at naroon na sa Kanya ang mga katangian. At sinalita Niya 'yun, at Iyon ang Salita, at ang Salita'y nagkaroon ng kahayagan. At sa pagkakaroon ng Salita ng kahayagan, 'yun nga'y Diyos na nagiging materyal.

¹⁷ At kaya, ang lahat ng bagay ay sakto sa panahon nito, hindi natin kailangang ipag-alala ito. Kanya, Kanya pong inaasikaso ang lahat. Di Niya hahayaan na manaig sa Kanya ang kaaway Niya. Hahayaan Niya ang kaaway na gumawa ng ilang mga bagay, para ipadpad ang mga tao sa tukso, para subukin ang Kanyang—Kanyang anak, at kung ano pa. “Dahil ang bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangang madisiplina ng Diyos, at masubok.” Kung kaya naman, kung di natin kayang tayuan ang pagdidisiplina, haya't nagiging mga anak tayo sa labas at di anak gaya ng inaangkin lang natin.

¹⁸ Kaya, sa sanlinggo pong ito, sa buong sanlinggong ito na natitira, ilagak natin ang ating pananampalataya sa ganitong antas gaya ng tunay na Binhi ni Abraham, kung papaano ba dapat tayo. Sampalatayanan natin ang Diyos. At pagkatapos ay ipapanalangin natin ang mga maysakit at gagawin natin ang lahat ng magagawa natin, para makatulong. At pagkatapos sa paglabas natin, umaasa tayo na magkakaroon ng makalumang rebaybal sa buong dako rito, na ang mga tao ay kawan-kawan na magpupunta rito mula sa iba't ibang dako, pupunuin ang mga simbahan, at iba pa, para sa makalumang rebaybal.

¹⁹ Lumaon na tayo mula sa isang dakilang rebaybal, nitong labing-lima, labing-anim na taon na ang nakararaan. Tayo po'y nagkaroon talaga ng dakilang mga pagtitipon. Naungusan nito ang lahat ng mga rekord sa kasaysayan, sa abot ng nalalaman ko sa kasaysayan. Kalimitan kasi ang rebaybal ay tumatagal lang ng tatlong taon, pero ito nga'y nagpatuloy nang maraming taon. At ngayon ang mga apoy ng rebaybal ay humuhupa na, ang kasigasigan ng mga tao ay namamatay na, at nakikita n'yo po 'yan. Sa—sa lumang templo ni Vesta, sa Roma, kapag ang mga apoy ay humupa na, nagsisiuwian na ang mga tao. Pero ang sinisikap nga nating gawin ay paalabin muli ang mga apoy na ito sa ibabaw ng bawat burol sa abot ng makakaya natin. Di ko kayang gawin ito sa sarili ko, kahit sinong ministro'y di nila kayang gawin ito nang mag-isa; kinakailangan na lahat tayo, sama-sama, sa pananalangin, at pagsampalataya at pagtitiwala sa Diyos, na makita ang Espiritu Santo na patuloy na magpala sa Kanyang bayan habang hinihintay lang natin ang Kanyang Pagparito.

²⁰ Ngayon, ang pakay ko, sa pananalangin para sa maysakit. Sige po't ipangungusap ko 'yan ngayon: itong pananalangin sa

maysakit. Ito . . . Di natin sinasabi na ito ang ipinunta natin sa dako rito. Tayo, siyanga't isa 'yan sa ipinunta natin, pero ang pananalangin po para sa maysakit ay pangalawahin lang. Di n'yo puwedeng gawing pangunahin ang pangalawahin. Alam natin 'yan. Pero, mangyaring ginamit ni Jesus, sa palagay ko'y sa tantiya ng ilan ay mga walumpu't anim na porsiyento ng Kanyang pagmi-ministeryo ay ginugol sa pananalangin para sa maysakit, pagpapagaling sa mga maysakit. Dahil, sa ganoon, nakukuha ang atensyon ng mga tao.

²¹ At, mangyari rin, na ang bawat tanda ay may tinig sa likod nun. At ang tinig ay kinakailangan na isang batay sa Kasulatan na tinig, kung paano nga na ito'y batay sa Kasulatan na tanda dapat. At ang tanda ay may kalakip na tinig. Katulad na lang ni Moises, noong magtungo siya noon sa Egipto; may tinig para dun sa unang tanda, may tinig para dun sa pangalawang tanda. At bawat dakilang bagay na nangyayari na may kinalaman sa Diyos, na may ibinibigay na tanda, haya't may tinig na kalakip ang tanda na 'yun. Katulad na lang ni Jonas, nung siya'y ilabas mula sa tiyan ng balyena, 'yun po'y tanda; pagkatapos ang tinig niya roon ay, "Mangagsisi kayo, o sa loob ng apatnapung araw ay malilipol kayo." Kaya hayan nga sa tuwina ang tinig na lagi ngang lumalakip sa tanda.

²² Ngayon, ang sinisikap nating gawin dito, ay—ay sikapin na madala ang mga tao na manampalataya sa Panginoong Jesus, 'yung tanggapin Siya, kahit di nagpapatong ng mga kamay sa kanila. Ngayon, alam natin na may Kasulatan na nagsasabi na, "Magpatong kayo ng mga kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling." At di po natin isinasantabi na walang saysay ang Kasulatan na 'yan, dahil 'yan ay atas ni Jesus Cristo na ibinigay mismo sa Iglesia, ang "magpatong ng mga kamay sa maysakit." Pero, heto nga't pakinggan n'yo itong sasabihin ko, ang bagay na 'yun ay isang tradisyong Judio kung tutuusin. Ngayon, kung natatandaan n'yo po 'yung—'yung dalagita na nakaratay na may sakit, namatay siya, 'yung anak na babae ni Jairo. Sabi niya, "Halika, ipatong Mo ang Iyong mga kamay sa aking anak, at—at siya ay gagaling."

²³ Pero 'yung senturyong Romano, na isang Gentil, ang sabi, "Hindi ako karapat-dapat na Ikaw ay magtungo sa ilalim ng bubungan ko. Salitain Mo lamang ang salita, at ang lingkod ko ay mabubuhay."

²⁴ Pagkatapos bumaling si Jesus at nagsabi, "Hindi pa Ako nakakakita ng ganyang panampalataya sa Israel."

²⁵ Kita n'yo, ang paraan ng Gentil ay ang sampalatayanan Siya, sadyang manampalataya sa Kanya nang lubos. Ngayon, nagpapatong po tayo ng mga kamay sa maysakit, siyanga, atin pong ginagawa 'yan. Pero ang sinisikap natin na—na dalhin dito ay 'yung—'yung realidad na mismo, sa pamamagitan ng mga

Kasulatan, na si Jesus Cristo ay narito mismo; na kapag kayo, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay aabot at hihipo sa Kanya, mismo, kita n'yo, katulad nung babae na inaagasan ng dugo na humipo sa Kanyang damit.

“Buweno,” sasabihin n'yo, “kung Siya’y narito, hihipuin ko Siya.”

²⁶ Sinasabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 3, na, “Siya ngayon ang Dakilang Saserdote na maaaring mahipo’t nahahabag sa ating mga kahinaan.” Siya’y maaari mismong mahipo sa gabing ito kung papaanong nahihipo Siya noon. Kaya may paghahangad tayo na mahipo Siya.

²⁷ Kadalasan sinasabi ng ilan, “Buweno, alam mo si Kapatid na *Ganito-at-ganoon*,” na isang ministro, ebanghelista, “siya’y nagpatong ng mga kamay sa akin, at, oh, pinagaling ako ng Panginoon. Nagpatong sila . . . Nagpatong ng kamay sa akin si Kapatid na *Ganito-at-ganoon*.” Kita n'yo? Ang dulot nga nun ay gusto na ng lahat na makita ang kapatid na lalaking 'yun para siya ang magpatong ng mga kamay sa ilang tao. Pero kung tutuusin, hindi naman 'yung kamay nung kapatid na lalaki na 'yun ang nagpagaling. Ang pananampalataya n'yo, 'yun po ang nagbunsod nun. Kaya, ang nangyayari kapag ang ebanghelista ay aalis na ng bayan, nagiging maliit na ang tingin sa pastor, sa paningin ng kongregasyon, kadalasan. Kapag may mga bagay na nangyayari, na mga pagpapagaling at iba pa. Iniisip nila na kinakailangan nilang mapabalik 'yung ebanghelista sa bayan bago may mapagaling na iba pa. Pakinggan n'yo. Huwag na huwag kayong mananangan sa ganoong paniniwala.

²⁸ Yang pananampalataya n'yo sa Diyos ang nagbunsod ng kagalingan na 'yun. Kita n'yo? Sa Diyos po kayo kailangang manampalataya. At ngayon kung Siya ang kailangang mahipo, kung ganoon, di kailangan ng kung sino para patungan kayo ng kamay. Ang pananampalataya n'yo mismo ang humipo sa Kanya, at ang pananampalataya n'yo mismo ang nagbunsod na maipangyari 'yun. Kaya di 'yun dahil sa may humipo sa inyo, kundi ang pananampalataya n'yo ang humipo sa Kanya. At mangyaring magbibigay 'yan ng tunay na dalisay na patotoo sa Kanya kung ganoon. Yun po ang ipinunta natin dito, ang—ang mataas Siya.

²⁹ Ngayon, araw-araw pong, bababa rian ang aking anak at mamimigay ng mga prayer card. Kung wala siya, may iba, kung ganoon, sa malaking gawain na ito, ang mamimigay. At sila’y mamimigay ng mga prayer card, maliit na card po 'yun na may nakalagay lang na numero. Gabi-gabi, tatawag kami ng bilang at mananalangin para sa mga maysakit. At ngayon tayo . . . At araw-araw ang pamimigay ng bago, dahil may mga bagong dating. At kung ipamimigay lahat, sa unang araw pa lang, di sila magkakaroon ng tsansa na mabigyan ng prayer card.

³⁰ At pagkatapos, diyan, walang nakakaalam kung alin pong bilang ang tatawagin sa pila para sa pananalangin, dahil kami po'y marami nang karanasan na napagdaanan sa bagay na gaya nito. May isa noon, isang beses, na nagbebenta ng prayer card sa mga tao, na gagarantiya sa tao na makapunta sa ibabaw ng entablado, kaya kinailangan naming ihinto 'yun, siyanga.

³¹ Kaya heto po na bababa, at dadalhin ng anak kong lalaki ang mga prayer card sa harapan n'yo, bawat hapon nang alas sais y media, at paghahalu-haluin niya ang mga card na ito, sa harap n'yo mismo. Tapos bubunot, at marahil bilang sampu 'yung mapupunta sa inyo; 'yung isa naman bilang tatlumpu't lima; 'yung kasunod bilang siyamnapu; 'yung kasunod bilang animnapu, para pong ganoon. At sa ganyan, nga, di niya alam kung anong card ang mapupunta sa inyo.

³² At isa pang bagay, sa pagbaba ko sa isang partikular na gabi, hindi ko paunang napagpasyahan na kung saan tayo mag-uumpisa na bilang. Maaari tayong magsimula sa isang bilang, sa laktaw na bilang, pabalik-balik marahil. Minsan binibilang ko kung gaanong karaming tao ang nasa hilerang ito, tapos imumultiplika ko sa bilang ng hilerang ito na paganoon, tapos idi-divide sa bilang ng hilera namang paganito.

³³ Minsan, may pinapunta akong maliit na bata para tumayo roon at magbilang. At kung saan siya hihinto, doon ako mag-uumpisa. Sa maniwala man kayo o sa hindi, 'yung nanay nga'y pinahinto si bunso doon sa numero niya. Tayo po'y—tayo po'y nakikiugnay pa rin sa mga tao, kita n'yo, kaya kinakailangan n'yo na—na baguhin minsan ang pamamaraan.

³⁴ Kaya, itong pamamaraan namin ngayon, ay subok na, sa loob ng maraming, maraming taon na. At mananalangin tayo para sa mga maysakit, bawat gabi, loobin ng Panginoon.

³⁵ At ngayon nais ko pong ipanalangin n'yo ako. At, ngayon, nananampalataya tayo na si Jesus Cristo'y nabubuhay mapasa hanggang ngayon. Naniniwala tayo na marahil mainam ang lahat ng mga relihiyon; pero wala ngang kahit isa sa mga ito at wala ni isa ang totoo at tama maliban sa Cristianismo.

³⁶ Isa po akong misyonero. Nakaikot na ako nang maraming beses sa palibot ng mundo. At nakapunta na ako sa sari-saring mga lugar sa ibang bansa, at kung ano pa, at nakapakinig na sa mga pagano, Buddha, at—at Mohammed at sari-saring iba pa, sa palibot, buong palibot ng mundo. Pero may nag-iisa't tunay na relihiyon lamang, isang totoo lamang, na may kalakip na pagliligtas, at 'yun ay Cristianismo.

³⁷ Napakaraming iba't ibang anyo nito, na tinatawag nating Cristianismo, pero may isang Cristianismo lamang. Ito pong Cristianismo ay hindi denominasyon. Hindi ito kapisanan ng mga tao. Ang Cristianismo ay isang Persona, 'yun si Cristo, at—at kayo ang Kanyang—Kanyang nasasakupan. At ngayon, tayo

nga'y nananampalataya na Siya'y nabubuhay. Bumangon Siya mula sa patay. Sinasampalatayanan natin 'yan nang buong puso natin. At nananampalataya tayo na Siya'y narito mismo ngayon, nananampalataya na Siya'y buhay sa gabing ito kung paano Siya noon. At Siya'y paparito sa ating kalagitnaan, para patunayan na Siya Mismo'y narito, kung paano Siya noon.

³⁸ Tayo sa paglaon, nagkaroon tayo ng naglalakihang mga eskuwelahan at mga seminaryo. Hayan nga't, sa pagkakaroon ng mga ganoon, unti-unti nating nakukuha ang pantaong mga ideya, at naipapasok 'yun dun. Sabihin na lang natin na may dalawang kalalakihan na nagpasimula, nagkasundong bumuo—bumuo ng—ng isang organisasyon, at kahit gaano pa 'yung kainam sa simula, ay haya't, sa loob lang ng isang taon, kung anu-anong sari-saring mga bagay ang naipapasok sa loob ng organisasyon na 'yun, dahil may sari-sari kayong mga ideya. At ang iba't- . . . Mangyaring, mainam naman, na magkaroon lang ng pagkakapatiran, at wala tayong anumang laban diyan. Pero, ang bagay nga roon, di ka maililigtas ng iyong organisasyon, ng iyong denominasyon.

³⁹ Naligtas ka sa pamamagitan ng personal mo mismong pananampalataya kay Jesus Cristo. Ganoon lang. Kaya ito'y sa pagitan mo at ni Cristo, lamang. Kaya sasaliksikin mo ang Kasulatan, at sasampalatayanan mo Siya nang buong puso mo, at—at Kanyang ililigtas ka, o pagagalingin ka. Kung di Niya tutuparin ang Kanyang Salita, kung ganoon ay di Siya Diyos; at kung tutuparin Niya ang Kanyang Salita, pinapatunayan lang Nito na Siya'y Diyos mismo. Kita n'yo? Kaya, Siya, atin Siyang sinasampalatayanan nang buong puso natin.

⁴⁰ At ngayon manalangin na po kayo kasama ko, at gagawin natin ang pinaka mainam nating magagawa. At bawat gabi sisikapin natin na magpalabas nang maaga. Kadalasan, ang labas natin ng tabernakulo o ng mga gusali ay bago mag-alas nuwebe y media. Ngayon, sa gabing ito marahil ay hahaba lang tayo nang kaunti. Di ko po sigurado. May apatnapu't limang minuto pa tayo, kaya marahil makalalabas pa rin tayo sa oras, ngayong gabi. Mangungusap lang muna tayo.

⁴¹ Mangyaring, sa gabing ito, gusto kong ilatag ang basehan ng bagay na sinisikap nating maabot. At doon, gugugol tayo ng ilang panahon, para mailatag ito sa inyo, kung ano nga itong sinisikap natin na ilayan sa inyo, na may kinalaman sa kaloob na mula sa Diyos, para sa Kanyang Iglesya, para sa Kanyang bayan. At, mangyaring, di natin ito kayang bigyan ng linaw nang lubos; walang kahit sinong tao ang may kakayahan na gawin 'yan. At lalong-lalo na, na ngayon ay tatlo o apat na gabi lang, natin itong gagawin. Marahil gugugol ng oras bago kayo maging pamilyar dito, at lahat ng nagliligalig na pakiramdam ay mawala, yamang mga estranghero po tayo, buweno, tapos magsisimula nang makita n'yo ang ilang tao na gumagaling na

sila. At pagkatapos mapangyayari na ang mga bagay-bagay. Inyo ngang titingnan 'yun sa Kasulatan, at sasabihin, "Buweno, mangyayari't mangyayari talaga. Di pa man ako nakakasaksi nang gaya nito, pero heto nga ito." At mangyaring tutugaygay 'yun mula Genesis hanggang Apocalipsis.

⁴² Ngayon, naniniwala po ako na may kakayahan ang Diyos na gumawa ng mga bagay na di nakasulat sa Bibliang ito. Ako po'y naniniwala na kaya Niya, dahil Siya'y Diyos. Pero basta't tinutupad Niya ang ipinangako Niya Rito, napaka inam na nun sa akin. Di ako—di ako—di ako naniniwala na may mga bagay pa na kailangang maidagdag sa Aklat na ito o maalis man Dito. Ako po'y naniniwala na Ito ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo. Naniniwala ako na ganoon nga ito. At lahat ng turo't aral, ano't anuman, ay kinakailangan na manggaling sa Bibliang ito.

⁴³ At kung mahuhuli n'yo ako na nangungusap ng mga bagay at gumagawa ng mga bagay na di nakabatay sa Kasulatan, at sa ipinangakong Kasulatan para sa oras na ito, kung ganoon, ang bagay nga na kinakailangang gawin, ay tungkulin n'yo po ito sa akin, na makipagkita sa namamahala ng gawain at—at tiyakin na ako nga'y matuwid sa bagay na ito. Dahil, ako'y tao, rin. Ako po'y nagnanais na makapunta ng Langit, gaya ng iba pa sa inyo.

⁴⁴ Ngayon, sa gabing ito, magbabasa po tayo ng ilang bahagi mula sa Walang Hanggang Salita ng Diyos. At sa pagsisimula tayo'y babasa sa . . . ng tatlong talata mula sa unang kabanata ng Aklat ng Mga Hebreo, at pagkatapos ay magbabasa ng mga tatlong talata mula sa huling kabanata, sa ika-13 kabanata ng Aklat ng Mga Hebreo.

⁴⁵ Ngayon, lagi po tayong tumatayo kapag nanunumpa tayo ng katapatan, o nagpupugay sa watawat, o umaawit ng *The Star-Spangled Banner*. Paano naman sa Salita ng Diyos? Kaya tayo po'y tumayo habang binabasa natin Ito.

⁴⁶ Ngayon makinig nang maigi habang binabasa natin ang mahalagang Salita na ito, Mga Hebreo 1. At pagkatapos Mga Hebreo 13, at magsisimula sa ika-5 talata at babasa hanggang ika-8, itong lahat.

Ang Diyos, sa iba't ibang panahon . . . sa iba't ibang paraan ay nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta,

Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan;

Palibhasa'y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang pagka-Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang pangako, nang kaniyang magawa na

ang paglilinis ng kasalanan, ay maluklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaan;

47 Ngayon Mga Hebreo 13:5.

Mangilag kayo sa mga pamumuhay na may pagibig sa salapi; mangagkasiya kayo sa inyong tinatangkilik: sapagka't siya rin ang nagsabi, Sa anomang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa anomang paraan ni hindi kita pababayaan.

Ano pa't ating masasabi ng buong tapang, Ang Panginoon ang aking katulong, hindi ako matatakot na anong magagawa sa akin ng tao.

Alalahanin ninyo ang nangagkaroon ng . . . pagpupuno sa inyo, na siyang nangagsalita sa inyo ng salita ng Dios; na inyong tularan ang kanilang pananampalataya, sa pagdidilidili ng wakas ng kanilang mga pamumuhay.

Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, . . . ngayon, oo at magpakailan man.

48 Iyuko na po natin ang ating mga ulo sa pananalangin. At habang nakayuko ang ating mga ulo, at ang ating mga puso, rin, mayroon bang kahilingan dito, na nais n'yong maalaala, na gusto n'yong sabihin, na maparating sa Diyos, habang ang pagtitipong ito ay ginaganap, "Diyos, may matindi po akong pangangailangan. Alalahanin Mo ako, Panginoon"? Maaari n'yo po bang ipaalam ito sa pagtataas ng inyong mga kamay? Sabihin, "Alalahanin Mo ako. Ako'y naparito para sa isang pangangailangan, Panginoon."

49 Makalangit naming Ama, dumudulog po kami sa Iyo, sa buong kasapatan na Pangalan na iyon ng Panginoong Jesus, na may pagkabatid dito, sa Kanyang sinabi, "Hilingin ninyo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan, ito'y ipagkakaloob." At kami'y nagagalak na malaman 'yun, Panginoon, na kamit po namin ang kasiguraduhang ito, na kung kami'y hihiling ng ano man sa Iyong Pangalan, ito'y—ito'y dinirinig na ng Diyos. At dalangin namin, Ama, sa gabing ito, at ito po ang kahilingan ko, na ang dalawa kong mga kamay ay nakataas. Aking—aking hinihiling sa Iyo, Makalangit na Ama, na tugunin ang bawat isa sa mga kahilingan na ito. Di po maikakaila na napakarami ng mga tao riyon na ang mga minamahal nila sa buhay ay di pa ligtas, at—at may karamdaman sila, at—at marahil may mga suliraning pantahanan, suliraning pinansyal. At, Oh Diyos, ang—ang matandang sanlibutang ito ay lipos ng sakit, sa buong palibot. At, kami, kami po'y nananabik sa Iyong Pagparito, Panginoon, kung saan may parating na dakila't, isang libong taon, na Milenyum, at kung saan—kung saan ang mga matuwid ay mamamahala at maghahari kasama si Cristo. Kami po'y nananabik sa oras na 'yan, Panginoon. At sinisikap namin na mabuhay na katulad n'yan, na ito na ang panahon na makikita

na namin ang huling henerasyon sa ibabaw ng lupa, at kami'y naghihintay na sa Kanyang Pagparito.

⁵⁰ At dalangin namin, Ama, na Iyong ililigtas ang bawat kaluluwa na maililigtas, sa bansang ito, habang ang pagtitipon na ito ay mayroon pa. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. At kapag tapos na ang pagtitipon, kung mapalampas namin sila, nawa'y may rebaybal na darating sa lahat ng mga kaiglesyahan.

At—at Ika'y magtumulin na, Panginoon, na dumating.

⁵¹ Nakikita na namin ang mga lindol uli na binibiyak ang lupa, sa iba't ibang dako, at ang mga puso ng mga tao'y naliligalig, natatakot, naguguluhan ang mga mamamayan, at nababalisa, at mga bansa. At kami'y—kami'y nasa kawakasan na talaga ng panahon. Iniisip namin 'yung napakalakas na lindol nung isang araw, at wala ngang katulad 'yun noon man; noon lang, na labing-siyam na raang taon ang nakararaan, isa ring Biyernes Santo, noong si Jesus ay tanggihan ng sanlibutan, na ang lupa ay yumanig sa buong paligid. Ang Diyos, Siya'y tinanggihan na naman muli. Yumanig ang lupa, nung isang araw, at naguho ang mga burol at mga bundok, may mga kabayanan na gumuho, at dumaluyong ang tubig sa ere, at naramdaman 'yun nang buong mundo. Ano pa kaya sa Iyong pagdating, Panginoon? Di na nakapagtataka, “Sila'y magsisi iyak sa mga bato at mga bundok.”

⁵² Nawa'y maging handa kami sa dakilang panahon na ito ng pag-uwi sa Tahanan, Ama. Iyo pong ipagkaloob ang bawat kahilingan, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Maaari na kayong maupo.

⁵³ At, napakahalaga po, heto't hinihiling ko na makinig kayo, maglaan lang ng panahon. At sadya pong tumaimtim sa abot ng makakaya n'yo, lalong-lalo na kapag nangungusap na tayo. Dahil, kung di n'yo mauunawaan ang mga ipapangusap, kung ano ang ilalatag dito, bawat gabi, haya't magpupunta kayo sa entablado na di nalalaman kung ano ba ang ipinunta n'yo. Kita n'yo, mahalaga na nauunawaan n'yo. Kinakailangan n'yong dumulog nang may pagkaunawa, at 'yan ang kalagayan na nais ni Cristo na tayo'y lumapit. At kung . . . Haya't kinakailangan na may taglay kayong pananampalataya sa inyong ginagawa. Kung wala, ang paglapit n'yo ay magiging padalos-dalos lang, “Baka sakali,” kaya di 'yan mangyayari. Hinding-hindi 'yan mangyayari. Kita n'yo? Wala kayong pananampalataya talaga kung dudulog kayo na ganoon ang katayuan n'yo. Kailangan na alam na alam n'yo ang ipinunta n'yo, at kinakailangang batid talaga na ito'y mangyayari. Pagkatapos, pagkatapos, inyong, kayo'y positibo mismo na 'yun ay mangyayari.

54 Ngayon, alalahanin. Huwag n'yong kalimutan. Ang tema po natin, at ating teksto, ay, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

55 Ngayon, ang pamagat ng paksa ko ngayong gabi ay: *Si Cristo Ay Napagkikilalang Siya Pa Rin Sa Lahat Ng Mga Salinlahi*.

56 Ngayon, sinabi ng Biblia na, "Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," at gusto nating alamin kung papaano ba Siya, kung papaano ba natin Siya mapagkikilala. Kung naparito ba Siya katulad ng kung ano Siya sa alin mang kapanahunan, kung ganoon ay gusto nating malaman kung papaano ba natin Siya mapagkikilala sa kalagitnaan natin.

57 Napakarami ngang tao ang may iba't ibang hinuha tungkol sa Kanya. Kita n'yo, bawat isa, bilang indibiduwal, mayroon tayong naiisip na hinuha tungkol kay Cristo, kung ano ba Siya, ano ang itsura Niya, at—at kung paano ipininta ng sikolohista ang larawan. Katulad na lang, nung *Head of Christ at Thirty-Three* ni Hoffman, at—at ni Sallman at ng iba pa, pero, nakita n'yo, di naman natin talaga alam kung ganoon ba talaga ang itsura Niya. Kaya di natin masasabing napagkikilala na natin, o sa kung ano ang itsura Niya, at babase lang sa isang pinta ng kung anong larawan.

58 Kaya, kung may magpupunta rito sa entablado, o sa gitna natin, at may mga pilat sa kanyang mga kamay, at bakas mula sa pagkakapako, at bakas ng tinik sa palibot ng kanyang noo, at nagdurugo, ngayon, kita n'yo, hindi nga 'yun—hindi nga 'yun maaaring si Cristo. Dahil, sa Kanyang pagparito, ang bawat mata ay makikita Siya, at bawat tuhod ay luluhod, kapag ang katawan na 'yun ay babalik sa lupa muli. Kita n'yo?

59 Pero ano't, bakit binanggit na Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman kung ganun? Kita n'yo? Kailangan nating malaman ngayon kung ano—ano Siya.

60 Kung tatanungin ko, sabihin na lang natin, halimbawa ang mga Lutheran rito, ano ang pagkakaintindi n'yo patungkol sa Kanya? "Aba," sasabihin nila, "Siya nga'y nasa aming—nasa aming iglesya." Buweno, di ko kinontra 'yan. "Haya't *ganito* Siya." At pagkatapos marahil babaling naman sa mga Baptist, at sila nga'y—sila nga'y may kaunting naiibang ideya. Tapos babaling ako sa iba't ibang mga klase ng full Gospel na mga tao, gaya ng mga Assemblies of God, ang Foursquare, ang—ang Pentecostal United, at—at ang—ang iba't ibang sangay na nito, mangyaring ang bawat isa ay magsasabi ng iba't ibang palagay patungkol Dito. Bawat isang indibiduwal doon ay maaaring magkakaiba. Pero sila . . .

61 Kinakailangan nga nating makarating sa isang dulong pasya, o kung hindi'y di natin malalaman kung saan—saan tayo hahantong. Sa palagay ko ang bagay na dapat magpasya rito ay ang Salita nga ng Diyos. At kahit na ano pa ang mga kredo natin

at ating mga hinuha, ang Salita ng Diyos ang dapat—ang dapat na magpasya nito.

⁶² Kaya, hayan na nga, na may iba sa kanila na sinasabi-sabi nilang Siya’y—Siya’y ganito, na sa isip-isip ng ibang tao na mga ito, Siya raw ay isang—isang dakilang tagapag-organisa lamang. “Kanyang inorganisa ang—ang kalipunan ng labing-dalawang mga alagad. Isa Siyang dakilang tagapag-organisa.” Sa abot ng nalalaman natin, hindi Siya nag-organisa ng kahit na ano. Di Niya ginawa ang ganoong bagay. Kanya lang . . .

⁶³ Siya kasi ang kapahayagan ng Diyos. “Diyos iyon na nakay Cristo, ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili.” Kanya lamang inihahayag kung ano ang Ama, sa Sarili Niya. Sabi Niya, “Ginagawa Ko ang bagay na ikinalulugod ng Ama. At Ako at ang Ama ay iisa. Ang Ama ay nananahan sa Akin. Kapag nakita n’yo Ako, nakita n’yo na ang Ama.” Sa madaling sabi, inihayag Niya ang Diyos, na ang Espiritu na naroon sa Kanya ay apaw-apaw sa Kanya, na anupa’t, “Siya at ang Ama, na di inaring isang bagay na nararapat panangnan na Siya ay ang siya ring Persona na iyon.”

⁶⁴ Ngayon, makikita nga natin dito, na may iba na ang iniisip nila, “Siya’y isang lalaki ng pilosopiya.” Siya’y isang lalaki ng pilosopiya nga. Di nga ’yan maikakaila. Siya . . . Pero Siya nga’y higit pa sa pagiging lalaki ng pilosopiya.

⁶⁵ May iba na iniisip nila na isa Siyang “propeta.” Siya, Siya nama’y isang propeta talaga. Totoo. Sinabi ng Biblia na Siya nga. Pero higit nga Siya sa pagiging isang propeta.

⁶⁶ Ang sabi ng ilan dun sa kanila, “Siya’y isang tagapagturo. ‘Walang iba ang nakapagturo ng katulad nito.’” Isa nga Siyang tagapagturo, pero Siya nga’y higit pa rin sa pagiging isang tagapagturo. Kita n’yo?

⁶⁷ Ang sabi naman nung iba pa, “Isa Siyang mabuting tao.” Pero higit nga Siya sa pagiging isang mabuting tao. Isa nga Siyang mabuting tao, pero higit nga Siya sa pagiging isang mabuting tao.

⁶⁸ At kung susumahin ang lahat, Siya’y Diyos. Kaya di Siya masasabing ganito lang, o ganoon lang. Hindi nga Siya ganoon lang, hayan nga. “Mangyaring Siya’y—Siya’y Diyos na nahayag sa laman, at pinanaligan ng sanlibutan, at tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian, at nakaupo sa kanan ng Ama.”

⁶⁹ Ngayon, nakita natin, haya’t para makuha ang buo Niyang pagkahayag, ating . . . si Juan, sa unang kabanata ng Juan, sabi niya, “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin.”

⁷⁰ Ngayon, sa pasimula, doon nga sa panahon na ang oras ay nagpasimula, noong ang Walang Hanggan ay tumugaygay sa

oras. Ngayon, darating ang panahon, na ang oras ay babalik uli dun sa Walang Hanggan. Haya't, ang oras ay Walang Hanggan na maituturing, din, pero ang oras nga'y isang espasyo lang ng panahon na itinakda. At sa ganoong paraan, ay nagkaroon tayo ng kaalaman, sa mga pulgada, at mga yarda, at mga milya, at—at mga numero, at iba pa. Pero di nun saklaw ang Diyos. Hindi Siya nalilimitahan ng oras. Siya—Siya'y kailanman.

⁷¹ Siya'y Walang Hanggan, at Siya lang ang pinagmumulan ng Buhay na Walang Hanggan, haya't naroon lang sa Diyos, na ating Ama. Siya'y Walang Hanggan, Mismo. Ngayon, kaya, kung mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan, may bahagi tayo ng Diyos na narito sa atin, at ang Diyos ay sumasa atin. Kung Siya'y hindi . . . Haya't, 'yun lang kasi ang tanging paraan na magtataglay ka ng Buhay na Walang Hanggan. Di nga 'yun isang bagay na basta-basta lang ginawa, tapos ibinigay sa inyo sa anyo ng kung anong kredito, o sige't ipamuhay n'yo 'yun, kayo nga'y maging mas mabubuting lalaki o mabubuting babae. Ito po'y ang Diyos Mismo na nariyan sa inyo. Katulad na kayo'y kabahagi ng inyong tatay dito sa lupa; kayo'y bahagi ng inyong Makalangit na Ama. At kung sino kayo, kayo nga'y bunga ng Kanyang kaisipan patungkol sa inyo bago pa man matatag ang sanlibutan. Kayo'y inihayag. Kinailangan Niyang mapausbong 'yun, at ang lahat, para mahayag 'yung kung ano ka, mabuo kayo kung ano kayo. Pagkatapos nung tayo'y nakumpleto na, haya't ito rito . . .

⁷² Napakaraming tao ang tumutugaygay sa daan ng buhay, na sa salamin na nagpapaaninag sa likod nakatingin. Lalong-lalo na, at di ko sinasabi ito para manakit ng damdamin, pero heto nga na napakarami sa ating mga kababaihan, lagi sila, kapag lumampas na sila ng tatlumpung taong gulang, gusto nilang manumbalik uli at—at maging dalagita uli. At pagtungtong ng singkuwenta, ganoon pa rin ang gusto nila. Di lang sila, maging mga kalalakihan, din. Pero kahit sino pa 'yan na sa salamin na nagpapaaninag sa likod nakatingin, ay mauwi sa banggaan, sa kung saan. Di ka puwedeng magmaneho sa kalsada, na, dun ka sa salamin na nagpapaaninag sa likod nakatingin.

⁷³ Pero naniniwala ako sa sinabi ni Pablo, “Nililimot ang mga bagay na nasa likuran, ako'y nagtutumulin sa hangganan ng dakilang pagtawag kay Cristo.” Kita n'yo? Kaya huwag kayong tumingin sa kung ano kayo noon; tumingin kayo sa kung ano kayo sa hinaharap.

⁷⁴ May—may ikinakasal uli ako na matandang mag-asawa, minsan. Ipinanauli nila ang mga panata nila sa isa't isa. Sila'y walumpu't tatlo at walumpu't apat na taong gulang, bawat isa. Nagsumpaan uli sila ng kani-kanilang lubos na panata sa isa't isa. At para bang ako'y—ako'y naninibago, haya't napakabata ko pa rin kasi noon, gumaganap ng . . . Yung matandang lalaki ay animnapung taon nang kasal, siya at ang kanyang asawang

babae, at nagsusumpaang uli sila. At sadya ngang ganoon pa rin ang pagtingin at pagmamahalang nila sa isa't isa gaya ng dati.

⁷⁵ At 'yung lalaki po'y mahaba 'yung balbas niya. At sabi ko sa kanya . . . ang sabi ko pala dun sa babae, sabi ko, "Ano pong masasabi n'yo tungkol dito?" Buweno, tinanong ko pala muna 'yung lalaki. Sabi ko, "Ano pong masasabi n'yo tungkol dito, bakit po mahaba ang balbas n'yo?"

⁷⁶ Sabi nung lalaki, "Sa palagay ko normal naman na sa isang lalaki sa edad kong ito na magkaroon ng mahabang balbas."

Sabi ko dun sa asawang babae, "Ano pong masasabi n'yo tungkol dito?"

Sabi nung asawa, "Buweno," sabi niya, "ayos na ayos sa akin anuman ang gawin ni John."

⁷⁷ Tapos, haya't—haya't sabi ko, "Buweno, may pagkakaiba na rin mula nung unang beses na ikasal ka sa kanya."

⁷⁸ Sabi, "Alam mo, sadyang naging napakabuti ng Diyos." Sabi, "Napaka ganda pa rin niya kung papaanong ang ganda niya noon." Sabi, "Alam mo kasi, sa pagtanda't pagtanda niya, 'yung paningin ko nga'y palabo nang palabo."

⁷⁹ Tapos sa—sa isip-isip ko haya't napaka—napaka lambing naman nun. Umaasa po ako na ganoon din sana ang iniisip ng maybahay ko. At sa palagay ko naman ay lahat naman tayo'y ganoon ang iniisip natin tungkol dun. Kaya, heto, kanilang—kanilang natagpuan ang buhay. Natagpuan nila kung papaano dapat mabuhay, kita n'yo.

⁸⁰ Hindi 'yun tulad sa sinasabi-sabi natin na, "Gusto naming lahat na bumalik," tayo na mga matatanda na, "makabalik sa pagiging disi sais, o disi otso, bente anyos, parang ganoon."

⁸¹ Pero alalahanin n'yo na sa pagtanda natin at pag-usad ng edad natin. At kung ganoon bakit, yamang 'yun at 'yun din naman ang pagkain na kinakain natin, pero patungo tayo sa kamatayan na 'yun, samantalang ganun pa rin naman na 'yung pagkain na 'yun ay gumagawa ng selulang dugo? Di nga 'yun mapatunayan ng siyensiya. Isa 'yung pagtatakda na makaharap ang Diyos. Pagtungong n'yo sa edad na 'yun, ang Diyos nga'y magsasabi, "Haya't gaya nga ito ng ninais Ko rito ngayon." Papasok na ang kamatayan dun.

⁸² Pero, kita n'yo, sa pagkabuhay na mag-uli, mawawala na mismo 'yung alaala ng matandang edad. Tayo'y manunumbalik doon nang buong Walang Hanggan, nang kailan-kailanpaman. Kaya bakit kakailanganin n'yo pang tumanaw sa ganoon, na ipamumuhay n'yo uli ang ganung miserableng buhay? Buweno, tumingin kayo pausad, diyan nga sa harapan n'yo ay naroon ang pagiging bagong nilalang kay Cristo, ang bagong katawan, ang imortal na katawan na di na kailan pa lilipas, di na kailan pa tatanda, di na magkakaroon pa ng karamdaman o hapdi ng puso.

Kaya, tumuon lang, magpatuloy lang na nakatingin sa harapan nang paganoon, sa Kanyang Pagdating.

⁸³ Ngayon, “Sa pasimula, ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman at nanahan sa piling natin.” Si Jesus Cristo nga ’yun. Siya mismo ang Salita ng Diyos.

⁸⁴ Ngayon, hahatulan ng Diyos ang sanlibutan balang araw. Alam natin ’yan. At mangyaring maraming tao ang iniisip nila, na may ideya sila kung sa ano Niya hahatulan ang sanlibutan.

⁸⁵ Ngayon sa ating butihing mga kaibigan na Katoliko, kung mayroon man dito ngayon, naniniwala sila na hahatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng iglesyang Katoliko. Kung ganoon ang gagawin Niya, sa aling iglesyang Katoliko? Kita n’yo? Dahil napakaraming iba’t ibang yugto ng Katoliko? May Romano Katoliko at may Griyegong Orthodox, at kung ano pa. Kita n’yo? Buweno, kung hahatol Siya sa pamamagitan ng Romano, kung ganoon mali ang Griyego. Kung sa Griyego naman ang pagbabasehan Niya ng paghatol, kung ganoon mali ang Romano. Kita n’yo?

⁸⁶ Kaya kung hahatol Siya sa pamamagitan ng Lutheran, mali ang Baptist. Kung sa pamamagitan ng Baptist Siya hahatol, ang Lutheran naman ang mali. Sa pamamagitan ng Pentecostal Siya hahatol, aba’y mali na pala silang dalawa. Kaya, kita n’yo, kaya hayan nga.

⁸⁷ Hinding-hindi Niya hahatulan ang mundo sa pamamagitan ng anumang simbahan. Hindi Siya hahatol sa Salita gamit ang anumang kodigo o anumang kredo. Hahatulan Niya ang mundo sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at Siya ang Salita. Si Jesus ang Salita. “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.” At ang Salita, haya’t ang Diyos pa rin, “siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!

⁸⁸ Ngayon papaano ’yun? Ang Diyos, sa pasimula, inilaan na ang Kanyang Salita, kung ano ang maitatalaga roon sa bawat kapanahunan. Yun ang dahilan kung bakit nalalaman Niya ang wakas sa pasimula. Sa bawat kapanahunan haya’t may—may propesiya na inilaan para sa kapanahunan na ’yun. Kadalasan, ang mga kaiglesyahan, at iba pa, at ’yung mga grupo-grupo ng mga tao roon, nabaliko na nila ito masyado, na anupa’t Siya’y magpapadala ng isang propeta sa eksena. Ngayon, nalalaman natin na sinabi mismo ng Biblia, na, “Ang Diyos, sa iba’t ibang panahon, sa iba’t ibang paraan ay nangusap sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, na sa huling mga araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo.” Hindi, hindi kailanman binabago ng di-nagbabagong Diyos ang Kanyang pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ang

Diyos ay may iisang paraan lang ng paggawa ng mga bagay-bagay, at di Siya nagbabago, kailanman.

⁸⁹ Noong ang tao ay magkasala't bumagsak, sa halamanan ng Eden, at ang Diyos ay gumawa ng paraan para ang tao na 'yun ay—ay maligtas, hindi Niya binago ang pamamaraan Niya. Tinanggap Niya ang tao na 'yun sa pamamagitan ng nabubong Dugo ng Isa na walang sala, at di Niya binago ang paraan na 'yun, mula noon, kahit na ano pa.

⁹⁰ Ang ginawa nati'y nagtayo tayo ng mga tore, si Nimrod. At sinubukan nating. . . Sinubukan nating magpatayo ng mga siyudad, gaya ni Nabucodonosor. Sinubukan nating magkaroon ng mga organisasyon, para pagsama-samahin ang lahat ng mga tao sa iisang grupo. Sinubukan nating imulat sila sa ganoon. Sinubukan na natin ang lahat sa sanlibutan, para gawin 'yun. At hayan nga, na hanggang sa kaliit-liitan, bumagsak lang ito.

⁹¹ Sa iisa lamang kinakatagpo ng Diyos ang tao, at 'yun ay sa pamamagitan ng nabubong Dugo, at 'yun lang ang nag-iisang dako na kakatagpuin Niya ang tao. Labas dun, para ka lang sumusuntok sa hangin. Kinatagpo Niya ang Israel, kinatagpo Niya si Job, kinatagpo Niya ang lahat ng mga propeta, saan pa man 'yan, sa ilalim lamang ng nabubong dugo. At sa ganoon lamang na pamamaraan Niya tayo kakatagpuin, sa gaging ito; hindi sa pagiging Pentecostal, pagiging Methodist, pagiging Lutheran, pagiging Katoliko man. Bagkus kakatagpuin Niya tayo sa ilalim ng nabubong Dugo ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo, at doon lamang. Yun lang ang tanging dako na tayo'y kakatagpuin Niya.

⁹² Ang Diyos na di-nagbabago, hinding-hindi Niya kailanman binabago ang pamamaraan Niya ng paggawa ng kahit anong bagay. Kita n'yo? Yung katangian Niya ang patunay na hindi Siya nagbabago, Mismo.

⁹³ Hinding-hindi Siya nakikitungo sa pamamagitan ng mga grupo-grupo. Mayroon nga, mga naglalakihan, sasabihin n'yo, "Aba'y malaki ang organisasyon namin." Di 'yan papansinin ng Diyos. Indibiduwal ang pakikitungo Niya, isa-isang tao. Kita n'yo?

⁹⁴ Dahil, nag-iisa ka lang, ikaw lang 'yan. Walang dalawang ilong na magkaparehas, ni dalawang marka man ng hinlalaki. Nag-iisa ka lang, at indibiduwal makitungo sa inyo ang Diyos.

⁹⁵ Kaya, sa bawat kapanahunan, noong maglaan ang Diyos ng Salita Niya para sa bawat kapanahunan, mangyaring, nung ang Salita na 'yun ay nakahanda na ngang mahayag. Ngayon saliksikin n'yo po ang mga Kasulatan; huwag n'yo lang basta kunin ang aking ipinapangusap. Haya't nung ang Salita na 'yun ay nakahanda na noong mahayag, mangyaring ang Diyos ay nagpapadala ng isang propeta at inihahayag ang Salita sa Kanyang propeta na 'yun. Sinabi ng Biblia, "Ang Salita ng

Diyos ay dumarating sa mga propeta. At wala Siyang gagawin hanggang sa ihayag Niya muna 'yun sa Kanyang mga propeta." Ang propeta ay isang . . . kung saan ang Salita ng Panginoon ay dumarating, katulad nung panahon ni Noe, at nung panahon ni—ni Elias, at nung panahon ni—ni Moises, at ng iba pa. Sina Jeremias, at Isaias, at marami pa akong puwedeng mabanggit, na, sa kanila Siya dumating. At inihayag nila, o ginanap nila, ang Salitang 'yun.

⁹⁶ Ngayon, masdan, nang sa gayon makita n'yo kung tama ba tayo, o hindi, sa mga kaisipan na ito na ating pinagbubulay.

⁹⁷ Ngayon, kita n'yo, bawat isa sa atin ay maaaring may mga bagay tayo, na ang bawat isa sa atin ay iba-iba ang pagkaka paliwanag sa Biblia. Sasabihin ng Methodist, "*Ganito* ang basa rito." Sasabihin ng Katoliko, "*Ganito* ito." Ang mga Lutheran, "*Ganito* ito." Ang mga Pentecostal, "*Ganito* ito."

⁹⁸ Pero sinasabi ng Biblia, na, "Ang Salita ng Diyos ay hindi sa ganang sarili na pagpapaliwanag."

⁹⁹ Diyos ang nagpapaliwanag ng Sarili Niyang Salita. Hindi kailangan ng Diyos ng sinumang magpapaliwanag. Hindi Niya tayo inoobliga na magpaliwanag ng kung ano. Kapag ang Diyos ay magbibigay ng pangako at ihahayag 'yun, at isasakatuparan 'yun na mangyari, 'yun na mismo ang pagpapaliwanag. Haya't nagwika ang Diyos, sa pasimula, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon ng liwanag. Hindi na kailangan ng kung ano pang paliwanag. Nung sabihin ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," at nung ang liwanag ay lumitaw, 'yun na mismo ang paliwanag sa Kanyang Sariling Salita. Sinabi Niya, "Isang birhen ang maglililihi," at naglihi ang birhen. Sinabi Niya na Kanyang "ibubuhos ang Kanyang Espiritu sa huling mga araw, sa lahat ng laman," at ginawa nga Niya. Di na kailangan ng anumang pagpapaliwanag. Diyan mismo na anupa't pinaging malinaw ng Diyos ang Kanyang Salita sa inyo, 'yan na ang paliwanag.

¹⁰⁰ Ngayon, noong dumating si Moises, hindi niya puwedeng kunin ang mensahe ni Noe. Hindi rin puwedeng kunin ni Moises. . . o—o kunin ni Noe ang mensahe ni Moises. Ganoon din na si Josue ay di niya maaaring kunin ang alinman sa mensahe nila, kita n'yo, bawat isa sa kanila. Hindi puwedeng kunin ni Isaias ang mensahe ng isa pa. Bawat mensahe ay para sa isang partikular na kapanahunan doon.

¹⁰¹ At sa partikular na kapanahunang ito na kinabubuhayan natin, noong bigyang linaw ang Salita, na anupa't sinalita ng Diyos ang Salita na 'yun at ibinubunsod na ang Salita na 'yun para sa partikular na kapanahunang 'yun na magkaroon ng buhay, magbigay ng liwanag dun, haya't ang Diyos 'yun na naroon kay Cristo, na nahahayag. Kita n'yo? Dahil, si Cristo ang Salita, at kapag ang Salita ay inihahayag, si Cristo nga 'yun sa bawat kapanahunan, kung ganoon.

¹⁰² Ang Diyos nga 'yun na naroon noon kay Joseph. Yung mismong katangian ni Joseph ay saktong tumitipo kay Cristo. Ipinanganak siya nung panahon na ang lahat ng dakilang mga kaiglesyahan ay naroon sa piling ng kanyang ama. Itong mga kapatid niyang lalaki'y muhing-muhi sa kanya dahil siya'y espiritual. Nakakita siya ng mga pangitain at may kakayahan na magpaliwanag ng mga panaginip, at kinamuhian siya ng mga kapatid niya, nang wala namang sapat na dahilan. Kung hindi ba't 'yan na 'yan mismo ang dahilan kung bakit sila dun ay namuhi rin noon kay Jesus!

¹⁰³ At pansinin, ganoon na lamang ang pagsinta ng kanyang ama sa kanya; gaya ni Jesus. Ipinagbili sa halos tatlungputol din ng pilak; gaya ni Jesus. Itinapon sa isang hukay, at ipinagpalagay na patay na; kagayang-kagaya nga ni Jesus. Dinala at ipiniit sa isang kulungan; kagaya nga ni Jesus, doon sa krus. Pagkatapos ipinadala sa bahay ni Faraon, at naging kanang kamay ng Faraon; at kagayang-kagaya nga ni Jesus, na pumaitaas sa kanan ng Diyos. At nung minsan na lumabas si Joseph ng palasyo, tumunog ang mga trumpeta, at bawat tuhod ay kinakailangang lumuhod, haya't parating na si Joseph; at ganoon nga rin si Jesus na iiwan ang Luklukan, at babalik, ang trumpeta ay tutunog, at bawat tuhod ay luluhod.

¹⁰⁴ Naroon Siya—naroon Siya kay David. Noong tanggihan si David ng kanyang sariling mga kababayan, bilang hari, at siya nga'y umakyat doon sa burol, bumaling habang nasa ibabaw ng Bundok ng Olibo; noong siya nga'y itakwil ng kanyang sariling kababayan, umakyat sa burol, tumanaw sa siyudad, at umiyak. Walong daang taon pagkatapos nun, ang Anak ni David ay pumaroon sa siya ring burol na 'yun, tumatangis, dahil Siya'y itinakwil ng Sarili Niyang bayan. At nagsabi, "Jerusalem, Jerusalem, makailang beses na tinipon Ko kayo gaya ng isang inahing manok sa kanyang mga inakay, subalit umayaw kayo." Kita n'yo? Si Cristo nga 'yun na naroon sa bawat salinlahi. Hayun nga si Cristo na naroon kay David.

¹⁰⁵ Sinabi ng Biblia, "Tinalikuran ni Moises ang kayamanan ng Egipto, ang kaligayahan at yaman ng Egipto, na anupa't inaring malaking kayamanan ang kadustaan ni Cristo." At siya nga'y sumunod-sunod dun kay Cristo sa ilang, 'yung Haliging Apoy nga. Anupa't, buweno, 'yun nga ang Logos na nagbuhat sa Diyos, si Cristo, na pinahiran.

¹⁰⁶ At ngayon, heto't nasumpungan natin sa bawat isa sa mga kapanahunan na 'yan, kadalasan ang mga tao'y walang pagka-ibig man lang na maniwala, dahil sila'y nakapagpasya na sa sari-sarili nilang direksyon. Ang dapat sana'y pumihit kayo sa panulukan na ito. Nagtatayo kayo ng gusali. At pagsapit n'yo roon sa panulukan na 'yun, ang lahat nga'y sa direksyon na *ito* nagpupunta, di nila gustong pumihit sa panulukan na 'yun. Pero 'yung gusali nga'y dapat na sa direksyong ito ang pihit,

yamang sinabi na mismo ng Salita na sa direksyong 'yun ang dapat tahakin. Kita n'yo? Yan nga 'yung mga punto na sumapit na tayo sa dugtungan ng panahon. Doon nga mahirap. Doon nga nagpapatulo ng pawis ang mga kalalakihan.

¹⁰⁷ Ngayon, alalahanin n'yo, ang Diyos ay hindi nagbabago sa Kanya mismong paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay; lagi po itong nakasalalay sa Kasulatan, nananatili. Ngayon, noong panahon ni Noe, si Cristo nga 'yun na naroon noon kay Noe. Si Noe 'yun. . .

¹⁰⁸ Si Cristo 'yun na naroon kay Moises. Masdan, ipinanganak siya sa isang partikular na panahon, ipinanganak na maging isang propeta, at pinalutang siya noon sa mga tambo; at kung papaano nga na si Cristo ay kinailangan din na maialis mula sa bayan na 'yun, dahil sa puspusang pagpaslang sa lahat ng mga bata. At maging noong siya'y lumabas na mula sa ilang, na isa nang tagapagbigay ng batas, at—at isang saserdote, at isang—isang—isang propeta, at kung ano pa, ang lahat ngang 'yun ay paunang pagpapakita na noon kay Cristo, nang saktong-sakto, maging dun sa mga propeta pa na kasunod sa kani-kanilang mga iprinopesiya.

¹⁰⁹ Ngayon nasumpungan natin na Siya, ang Diyos, sa ganoon ay ipinakikilala ang Sarili Niya sa lahat ng mga kapanahunan. Papaano? Papaano Niya ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa panahon ngayon? Anong katangian ang ginamit Niya? Haya't ang siya rin mismong katangian, mula sa pasimula: inihahayag ang Kanyang Salita, ibinubunsod na ang Kanyang Salita ay magkaroon ng buhay. Yun mismo ang pagkakakilanlan, ang ipinangakong Salita ng panahon na 'yun. Kita n'yo?

¹¹⁰ Ngayon, nung dumating nga si Moises, hindi niya sinabi, “Ngayon magtatayo tayo ng isang daong at lulutang tayo palayo sa lugar na ito.” Mensahe kasi 'yun ni Noe. At 'yun ang problema. Noong dumating si Jesus sa eksena, nasumpungan Niya ang mga Hebreo na 'yun na nabubuhay pa rin sa silaw ng ibang liwanag. At ganoon na ganoon din ito sa ngayon. Ganoon ang nangyayari sa bawat kapanahunan. Nabubuhay sila sa silaw ng iba't nagdaan nang liwanag.

¹¹¹ Yan ang dahilan kung bakit kayo na mga Methodist, nung kayo'y dumating sa eksena, si Luther ay . . . Kayo'y nabubuhay pa rin, at nabubuhay mismo sa silaw ng panahon ng Lutheran; di n'yo tuloy matanggap noon si John Wesley. Noong dumating na ang Pentecostal, di matanggap-tanggap ng mga Methodist ang Pentecostes, dahil nabubuhay sila sa napag-iwanang silaw ng Methodist. At ngayon iniisip ko nga kung saang naiwang silaw na ngayon nabubuhay ang mga Pentecostal? Kita n'yo?

¹¹² Ang kinakailangan n'yo ngang gawin ay saliksikin n'yo ang mga Kasulatan at alamin n'yo kung anong oras na ito na ating kinabubuhayan ngayon, at kung ano ba ang dapat na narito sa

panahon na 'yan, at sumpungan kung ibinubunsod ba ng Diyos na 'yan ay mabuhay at mahayag, na anupa't kung ganoon ay 'yun ang bagay na tayo'y—tayo'y may tama nang pagliliwanag sa kapanahunan na iyon.

Ngayon si Jesus, noong dumating Siya, ang sabi nila, “May Moises na kami.”

¹¹³ Ang sabi Niya, “Kung napagkikilala ninyo talaga si Moises, ay dapat sana'y napagkikilala ninyo Ako. Sumulat siya tungkol sa Akin.” Sabi Niya, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat Doon ay iniisip ninyo na mayroon kayong Buhay na Walang Hangan; ang Mga Yaon ang Siyang nangagpapatotoo patungkol sa Akin.” Sa madaling sabi, “Tingnan n'yo sa mga Kasulatan.” Kita n'yo?

¹¹⁴ Oh, ganoon na lamang ang pagkalagak nila sa kanilang tradisyon. Ang sabi Niya, “Oo't, dahil diyan sa inyong mga tradisyon, pinawawalang kabuluhan ninyo ang Salita ng Diyos sa mga tao. Inilagak ninyo sila nang husto sa tradisyon, na ang Salita ay nawalan na ng kabuluhan sa kanila. Dahil sinasabi ninyo . . .”

Ganyan na ganyan din sa panahon ngayon. “*Ganito* ako. Kabilang ako sa *ganito*.”

¹¹⁵ May tinanong po akong babae, isang beses, “Isa ka bang Cristiano?” Ang sagot niya, “Nagsisindi ako ng kandila gabigabi.” Ngayon, wala naman talagang kinalaman 'yun Dito.

¹¹⁶ May ipinanalangin ako sa isang ospital, minsan, na isang ginang. Sabi nung isang babae dun, “Sandali lang. Hatakin mo muna 'yang kurtina. Hatakin mo muna 'yang kurtina.”

Sabi ko, “Ano pong problema?”

Sabi nung babae, “Mga Methodist kasi kami.”

Sabi ko, “Hindi po ba't Cristiano rin naman kayo?”

Sabi, “Methodist nga ako.”

¹¹⁷ Sabi ko, “Buweno, ganoon po pala. Sige po, kung ganoon. Hindi ka isang Cristiano. Methodist ka lang kamo.”

¹¹⁸ Kaya hayan, kaya ganoon—ganoon po, kita n'yo, hindi nila talaga 'yun taglay. At, kita n'yo, nabubuhay sila sa silaw ng iba pang liwanag. At ang silaw ay isang bagay . . . Ano po 'yun? Isa 'yung huwad na liwanag. Isang repleksyon. Katulad na lang nung ano noon . . .

¹¹⁹ May bahay po ako sa Tucson, Arizona. Nakatira ako sa disyerto. May mirahe kayo roon. Alam n'yo kung ano 'yun. Yun nga'y repleksyon ng araw na umaaninag sa mainit na disyerto, at ang pinapaaninag nun ay huwad na liwanag, na pinagiging tubig nun ang itsura. Pero pagdating n'yo dun, wala naman talagang tubig doon.

120 Yun po ang silaw na sinasabi. At isang bagay 'yun na para bang may potensyal, at di ka nga lang makaabot dun.

121 At, ngayon, ang pinaka malaking pagnanakaw na nangyari sa buong mundo, ay 'yung pitong-milyong-dolyar na nakawan na nangyari sa Inglatera. Naisakatuparan 'yun gamit ang mga huwad na liwanag. Naglagay sila ng mga ilaw-ilaw at 'yung tren ay bumagal ang takbo, na anupa't maski 'yung Scotland Yard ay di nila 'yun maipaliwanag. Yun ang pinaka malaking nakawan na naisakatuparan sa buong kasaysayan ng mundo, na nagawa sa pamamagitan ng huwad na liwanag.

122 At ang pinaka matinding pagnanakaw na nangyari naman sa iglesya ni Jesus Cristo sa lahat ng panahon, ay sa isa ring huwad na liwanag, isang silaw ng kung anong ibang panahon, samantalang hayan na ang Diyos na sinisikap na ipasok, o ipaaninag sa mga tao, ang napapanahong Liwanag.

123 Noong dumating si Jesus, Siya ang Salita. Anupa't ganoon din na si Moises ang Salita; si Moises, at ang iba pa sa kanila na mga propeta, ang Salita, pero sila'y ang Salita na baha-bahagi lang. Samantalang Siya yaong Salita na buong-buo. Siya ang kapuspusan ng Salita. Siya ang mismong Salita.

124 At mangyaring nabubuhay sila sa—sa paandap-andap na silaw ng panahon ni Moises. Ang sabi Niya, “Kung tunay ngang napagkikilala ninyo si Moises, ay nakilala ninyo sana Ako, dahil si Moises ay sumulat patungkol sa Akin.”

125 Sabi nila, “Buweno, wala Ka pa ngang singkuwenta anyos, at heto't sinasabi, ‘nakita Mo si Abraham?’ Ngayon sigurado na kami na nababaliw Ka.”

Sabi Niya, “Bago pa si Abraham ay, AKO NGA.”

126 Yaong “AKO NGA” ay naroon noon sa nagniningas na kahoy. Yun 'yung Haliging Apoy. Kita n'yo? Siya yaong “AKO NGA.” “Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man,” ang sabi ng Biblia, “si Jesus Cristo.” Ang mga katangian Niya ay di nagbabago, ano't anuman. Nananatili ang Kanyang mga Salita.

127 May bahagi ng Salita na inilaan sa bawat kapanahunan. At papaano Niya 'yun ibinunsod na mapagkilala? Ipinakilala Niya 'yun sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, mga propeta. Lahat ay Kanyang... Papaano—papaano mapagkikilala ang propeta? Kapag siya'y nagpropesiya ng kahit ano, at 'yun ay nagkaroon ng katuparan.

128 Ngayon, itong mga propeta ngayon, sa panahon ngayon, mayroon nga tayong mga kaloob ng propeta...o mga kaloob ng pagpropesiya, ang ibig kong sabihin. Magpapatong kayo ng mga kamay, at mananalangin, at kayo'y...Lumitaw ang mga kaloob, na siyam na espirituwal na mga kaloob, sa loob ng iglesya. Na, bago tanggapin ng iglesya ang isang propesiya,

dadaan muna 'yun sa limang espirituwal na saksi. . . o tatlong espirituwal na saksi.

129 Pero, iba po ang mismong propeta. Ang isang propeta ay ipinanganak na maging isang propeta. “Ang mga kaloob at ang mga pagtawag ay di nagbabago.” Isa 'yung bagay na nariyan talaga sa inyo. Isa 'yung bagay na ipinanganak kayo na nandun na 'yun sa inyo. Itinalaga ka na noon ng Diyos na nandun na 'yun sa inyo.

Mangyaring, si Moises ay ipinanganak na isang propeta.

130 Si Jeremias, sinabi ng Biblia, hayan nga, ang sabi . . . Sinabi ng Diyos kay Jeremias, sabi, “Bago ka pa inanyuan sa tiyan ng nanay mo, ay Aking pinapaging banal ka na at itinalaga ka na na maging propeta sa mga bansa.”

131 Si Juan Bautista, pitongdaan at labing-dalawang taon bago pa siya naipanganak, nakita na siya ni Isaias, “Ang tinig ng isa na sumisigaw sa ilang.” Ang tatay niya ay isang saserdote. Siya . . . Kung tutuusin, nakagawian na noon, na ang mga anak ay bumabaling at susunod sila sa yapak ng trabaho ng kanila ngang tatay. Pero ang gawain niya ay napaka halaga. Siya nga ang magpapakilala sa Mesiyas. Kaya nagtungo siya sa ilang. Walang edukasyon; di naman niya kailangan ng edukasyon. Ang kailangan niya ay direktang kapahayagan, kung Sino ba ang Mesiyas na ito.

132 At napagkilala niya Siya. Ang sabi niya, “Pinapatotoo ko, nakita ko ang Espiritu ng Diyos, na tulad sa isang kalapati, na bumababa sa Kanya, at may tinig na nagbubuhay sa Langit, na sinasabi, ‘Ito ang sinisinta Kong Anak.’ Ito Siya.”

133 Kung nanggaling siya sa isang seminaryo, o parang ganun, sasabihin ng mga kasamahan sana, “Ngayon, alam mo naman si Kapatid na Jones, dito. Diba't mukhang siya ang Mesiyas,” kita n'yo, maiimpluwensiyahan siya.

134 Pero, ang gawain niya ay napaka halaga. Kinakailangan niyang magpunta sa ilang at manatili roon na mag-isa kasama ang Diyos. Noong lumabas na siya, wala nga siyang edukasyon. Ang pagsasalita niya ay parang simpleng tao lang. Sabi niya, “Oh, kayo na lahi ng mga ulupong, o mga ahas sa damuhan.”

135 Ngayon kung edukadong tao sana 'yun, haya't ibang salita marahil ang ginamit niya, alam n'yo, “Kayong hamak na mga inkombenyensya,” o kung ano. Pero iba nga ang ginamit niya na salita para dun, pero itong isa'y marahil ang gagamitin niya na—ang gagamitin niya na salita ay kung anong matatas, na pormal na kataga o kung ano, na angkop sa edukasyon niya.

136 Pero ang sinabi ni Juan, “Sila'y gumagapang at madulas na parang ahas.” Yun kasi ang nakikita niya roon sa ilang. Sabi, “Kayo na lahi ng mga ahas, sino ang nagbababala sa inyo na takasan ang galit na parating? Huwag n'yong isipin na porke't,

‘Kaanib kami sa *ganito*, at kaanib kami sa *ganoon*.’ wala nga kayong kamit.” Binubulay ko nga na anupa’t sa panahon na ito ay ganun din kaya ang sasabihin niya? “May kakayahan ang Diyos na sa mga batong ito ay magpabangon ng mga anak kay Abraham, sa pamamagitan ng mga batong ito.” Yun kasi ang lagi niyang nakikita. Heto rin, “Ang palakol ay nakaumang na sa ugat ng punongkahoy.” Ganoon kasi ang nakikita niya dun sa ilang. “Bawat puno na di magbubunga ng mabuting bunga, mga punongkahoy na di nagbubunga, ang mga ito’y puputulin at ihahagis dun sa apoy.” Kita n’yo? Ang mga pangangaral niya ay gumagamit ng pagtitipo. Pero siya—siya nga’y sakto kung ano mismo ang itinalaga sa Kanya ng Diyos na maging. Kita n’yo? Siya yaong propeta na ’yun. Wala silang naging propeta sa loob ng daan-daang taon. Pansinin, pero hinubog siya ng Diyos at sinangkapanan siya.

Nasumpungan natin, maging si Jeremias, sa paglitaw niya dun sa eksena.

¹³⁷ Nasumpungan natin, ang iba’t ibang mga propeta noon na lumitaw sa eksena, na di man natin nalalaman kung saan ba sila nanggaling. Lumitaw lang sila at yumao. Ginamit sila ng Diyos, at sinelyuhan sila, pinayao sila, at ganoon lang. Ang mensahe ay nagpatuloy sa pag-usad. Ang Salita ay pinagtibay. At ’yun nga’y tumugaygay sa kasunod na salinlahi, pagkatapos sila’y magtatayo ng kung ano base sa sinabi ng mga propeta. At sila nga’y . . .

¹³⁸ Pagkatapos nung dumating na Siya, ang sabi ni Jesus, “Inyo ngang pinapuputi ang mga dingding, at ang—ang mga libingan ng mga propeta, at samantalang kayo naman ang naglagay sa kanila roon.” Kita n’yo?

¹³⁹ May lilitaw nga na may dalang mensahe, at ipapangaral ang mensahe na ito, at ilalahad ang mensaheng napapanahon, at pagkatapos sa paglaon ay ipapapatay siya, at ilalagak sa libingan. Tapos paglipas ng maraming taon, magtatayo sila ng organisasyon sa ibabaw *nito*, at sa ibabaw *nung* isa pa roon na dumating. Ano itong ginagawa n’yo? Tapos na ang mensahe ng tao na ito. Kasaysayan na. Tayo nga’y magtumulin, tumuon sa kung ano ang nasa harapan.

¹⁴⁰ Maging siyensiya nga’y di tumitingin pabalik sa kung ano ang sinabi ng siyensiya noon. Nabasa ko nga ’yung tungkol sa pinatunayan ng siyensiya noon, sa pamamagitan ng bola na kanilang pinagulong; at—at—at doon nga ito sa Pransya, mga tatlong-daang taon na ang nakararaan, “Kung ang isang tao ay bubulusok sa katakot-takot na bilis na trenta’y singkong milya kada oras, aangat siya sa lupa.” At heto ako na kamamaneho ko lang papunta rito nang nasa animnapung milya kada oras. Kita n’yo? Kaya hindi na roon tumitingin pa ang siyensiya. Umuusad sila. Nagagawa na nga nilang ang tao ay bumulusok ng daan-

daang milya kada oras. At sadyang . . . di sila tumitigil doon na ayos na 'yun. Nagtutumulin sila.

141 Pero, tayo, bumabaling tayo sa nakaraan para makita kung ano, “Ano bang sinabi ni Finney? Ano bang sinabi ni Sankey? Ano bang sinabi ni Moody?” Mainam na mga kalalakhian sila; ganoon din sina Moises at Joseph. At ibang panahon na 'yun.

142 Ang tingnan natin ay kung ano ang sinasabi ng Salita, sa panahon ngayon, si Jesus Cristo sa ngayon. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At ang tanging paraan para malaman natin kung ano Siya sa panahon ngayon, ay ang sumpungan kung ano Siya noon, haya't makikita n'yo kung ano Siya ngayon.

143 Ngayon, wala tayong masyadong oras para maglumagak diyan nang matagal, sa gabing ito, dahil may ilang minuto na lang tayong natitira. Pansinin. Ang Salita na itinalaga para sa bawat kapanahunan, kapag ang Salita na 'yun ay nahayag, ay 'yun nga si Cristo para sa kapanahunan na 'yun, tulad ng kung papaano 'yun sa bawat kapanahunan.

144 Ngayon, nasumpungan nga natin si Jesus sa pagdating sa—sa eksena, Siya'y tinanggihan, gayong, Siya ang ipinangakong Salita. Ngayon, sa Deuteronomio 18:15, sinabi ni Moises, “Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta na tulad ko. At mangyayari na sinuman na di dirinig sa Propetang ito, ay ihihiwalay mula sa bayan.” Ngayon hayun nga Siya, na saktong 'yun ang Propeta para sa kapanahunan na 'yun, at ang mga tagapagturo ng kapanahunan na 'yun ay di man lang ito nakita. Pinatay pa nila Siya sa huli. Kita n'yo? At samantalang saktong-sakto ang pagganap Niya.

145 Ipinanganak Siya ng isang birhen. Di nila pinaniwalaan 'yun. “Kung anu-anong pagka-panatiko lang 'yan.” Pero atin nang pinaniniwalaan 'yan ngayon, matapos na mapatunayan 'yun mismo.

146 Si Joan of Arc, nung siya'y lumitaw dun sa eksena noon sa Pransya, sa Rebolusyon ng Pransya, ano 'yung ginawa n'yo na mga Katoliko? Ipinapatay n'yo siya, pinagbintangan siyang mangkukulam, dahil nakakita siya ng mga pangitain, kayang magpaliwanag ng mga panaginip. Dalawang-daang taon ang nagdaan, pinagsisihan n'yo 'yun, hinukay n'yo 'yung katawan nung mga pari, na nagpapatay at nagpasunog sa kanya sa tulos, at ang mga 'yun ay itinapon n'yo sa ilog. Yun 'yung paraan n'yo ng pagsisisi. Kita n'yo?

147 Di n'yo nakilala si San Patrick noong narito pa siya noon sa lupa, si Sucat. Di n'yo siya nakilala. Ngayon sinasabi n'yo na isa siya sa mga santo; pero tingnan n'yo nga kung papaanong ipinapatay n'yo ang libo-libo sa kanyang mga inakay doon sa Irlanda. Kita n'yo?

148 Ang nangyayari nga'y pinalalampas n'yo muna, na kapag lumipas na 'yung pagpapatotoo, na doon pa lang nagpapatayo ng libingan para dun. Matagal nang nakalipas ang mensahe at tumutugaygay na sa panibago. Ugali na ng tao na purihin ang Diyos sa bagay na ginawa Niya noon sa nakaraan, inaasam ang bagay na Kanyang gagawin sa hinaharap, at tapos isinasantabi naman ang bagay na kasalukuyan Niyang ginagawa. Ganun na ganun ang gusto ng diyablo, mga ubod ng relihiyosong mga iskolar at mga tagapagturo: pinagtitibay ang bagay na ginawa Niya noon sa nakaraan, at pinagtitibay ang gagawin pa lang Niya sa hinaharap, at isinasantabi ang bagay na ginagawa na Niya ngayon sa kasalukuyan. Kita n'yo? Ganoon at ganoon lagi ang sistema, ganoon nang ganoon. Ganoon at ganoon na haya't matutugaygay natin 'yun, na panay ganoon.

149 Pero balikan lang natin pansumandali ngayon at tukuyin natin kung ano ang ginawa ni Jesus noong narito pa Siya noon sa lupa. At kapag nalaman natin kung ano Siya noon, kung ano Siya noon sa iba pang mga kapanahunan, haya't 'yun na 'yun din dapat ito sa kapanahunan ngayon, para tugmang-tugma ito. Ngayon nakita natin, nung dumating Siya sa eksena, wala tayong puwedeng . . .

150 Alam nga natin na Siya ang Salita. Siya ang Salita. At ang Salita ay laging itinatama ang mali. Naniniwala ba kayo riyang? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

151 Para magkaroon lang ng kaunting bubulayin dito, tingnan n'yo po 'yung . . . mga tao na sumasamba kay Maria. Kita n'yo? Sinabi niya mismo na nililiman siya ng Espiritu Santo at 'yun ang nagpabunsod sa Anak na ito, at, "Ito'y sa Espiritu Santo."

152 Pagkatapos nung Siya'y labing-dalawang taong gulang na, nagpunta sila roon sa Jerusalem, sa kapistahan ng Paskuwa, at nung sila'y . . . Pentecostes. At nung umuwi na sila, tatlong-araw na paglalakbay rin 'yun, ay nakalimutan nila Siya. Kaya bumalik sila para hanapin Siya, at naroon Siya sa bulwagan dun, sa simbahan, na nakikipag-talakayan sa mga saserdote at mga bagay-bagay. At pagkatapos lumapit na roon ang nanay Niya, siya at si Jose. At ang sabi niya, "Ang Iyong ama at ako ay hinahanap Ka nang may hapis." Kita n'yo? Sa harapan mismo ng mga saserdoteng naroon, ikinatwa niya ang sarili niyang pagpapatotoo, sa pagtawag kay Jose na Kanyang ama. Kita n'yo? Nung una'y sinabi niya na ang "Diyos" ang Kanyang Ama, at heto naman dito na sinabi niya na, "Ang Iyong ama at ako ay naghahanap nang may hapis."

153 Masdan n'yo nga 'yung Salita na 'yun. Yung batang paslit na 'yun na labing-dalawang taong gulang pa lang, at mangyari rin, na marahil di nakaranas ng pagi-eskuwela ni isang araw man sa Kanyang buhay. Masdan n'yo 'yung Salita, hayon nga. Siya yaong Salita. Sabi Niya, "Hindi n'yo ba natatalastas na

Ako'y dapat maglumagak sa gawain ng Aking Ama?" Kung si Jose ang ama Niya, o di dapat Siya'y naroon kasama siya sa anluwagi't nagkakarpihero sana. Pero ang Ama nga Niya'y ang Diyos, at naroon nga Siya't itinuwid ang mga saserdote na naroon. Ganoon nga, at naroon nga Siya "naglulumagak sa gawain ng Aking Ama." Nakita n'yo na kung paanong itinuwid nung Salita ang mali. Ganoon lagi ang ginagawa Nito, sa lahat ng pagkakataon. Hindi niya marahil, napansin 'yun siguro, at sige't umalis na, tuluy-tuloy. Ganoon na ganoon ang ginagawa ng mga tao sa panahon ngayon.

¹⁵⁴ Pero nawa'y magpausbong sa atin ngayon ang Diyos ng buhay, para sa susunod na ilang mga minuto, para makita kung sino talaga Siya.

¹⁵⁵ Ngayon nakita natin, mula nung mabautismuhan Siya, haya't dumako roon sa ilang, at Siya'y bumalik mula sa ilang.

¹⁵⁶ Tapos may isang lalaki, na nagngangalang Andres, siya'y dumadalo-dalo sa pagtitipon ni Juan. At di nga niya magawang mayaya ang kanyang kapatid, na si Simon, na—na magpunta sa pagtitipon. Sa wakas, isang araw, nung nililinis nila 'yung mga lambat nila, siya'y—siya'y napasa dakong 'yun kung saan niya—niya nakatagpo si Jesus. At talastas 'yun ni Simon, sa kanyang puso . . .

¹⁵⁷ May binasa nga akong kuwento rito noon, di pa katagalan, tungkol kay Simon. Yung tatay niya, na si Jonas, ay isang masigasig na mananampalataya, isa itong Fariseo. Sinabi nito, "Maraming beses . . . Anak, ako'y tumatanda na't ubanin na." Sabi nito, "Ako'y—ako'y nanalangin nang maraming beses na ipahintulot ng Diyos na—na makita ko pa ang Mesiya." Tapos sabi, "Itinatagubilin natin sa tuwina sa Diyos ang ating huling mga isda, ang ating ikinabubuhay. At—at yumao na ang iyong nanay ngayon, at mukhang di ko na Siya aabutan pa. Ako'y—ako'y patanda na nang patanda." Tapos sabi, "Ngayon, anak, gusto kong maupo ka muna rito sa tabi ko. May sasabihin ako sa iyo.

¹⁵⁸ "Ngayon, bago dumating ang Mesiya na ito, maglilipana ang lahat na ng mga huwad na kung anu-ano. Kay Satanas 'yung mga 'yun." Sabi nito, "Pero tandaan mo, makikilala mo lang ang Mesiya, kung mananatili ka lagi sa Salita. Sinabi ni Moises, 'Ang Panginoon nating Diyos ay magbabangon ng isang Propeta.' Ngayon, di nga tayo nagkaroon ng kahit isa sa loob ng daan-daang taon. Pero may Propeta nga na darating, isang Propeta na may pagkakakilanlan na lilitaw sa kalagitnaan ng mga tao, na 'yun ang magiging Mesiya. Siya Yaong kasunod."

¹⁵⁹ Pagkatapos nung madala na siya ni Andres para makita si Jesus, at naikuwento ang tungkol sa pangangaral ni Juan, at sinabi na may isang Mesiya na parating, haya't para sa kanya ay isa lang 'yun, buweno, isa lang kung sino na lilipas din.

160 Kaya, isang araw, dumako si Simon sa Mismong Presensya ng Panginoong Jesus. At tiningnan siya ni Jesus at nagsabi—tingnan siya at nagsabi, “Ang pangalan mo ay Simon, at anak ka ni Jonas.” Yun na ’yun. Kita n’yo?

161 Ngayon, ilan po ang nakakaalam na ’yun ang katangian ng Salita ng Diyos? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Tunay. Ngayon, sa Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata, sa ika-12 talata ang sabi, “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa Tabak na may dalawang talim, at madaling kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso.” Ganoon nga ang mga propeta. Sila, sa ganoon nila paunang nakikita ang mga bagay-bagay, kita n’yo, at ’yun nga’y saktong tama talaga, dahil ’yun ang Salita para sa kapanahunang ’yun. Kung nauunawaan n’yo ’yan, sige’t itaas n’yo lang ang inyong kamay, nang taimtim. Haya’t, kita n’yo, ’yun nga ang Salita para sa naturang kapanahunan. Yun mismo ang pagkakakilanlan sa kanila na mga propeta.

162 Ngayon, ang propeta, ang ating—ating Ingles na salita na *propeta*, ang ibig sabihin nito ay “isang mangangaral.”

163 Pero sa Lumang Tipan, hindi ganung propeta mismo, kundi isa ’yung tagakita. At paunang sinasabi na ng tagakita ang mga bagay na mangyayari. At, hayan din, na ’yun ang katibayan na siya’y banal na tagapagpaliwanag ng nasusulat na Salita, dahil dun sa sarili niyang pagmi-ministryo ay nahahayag mismo ang Salita na ’yun. Kita n’yo? Kaya ’yun po ang nagpaging sa kanya na maging yaong propeta.

164 Kaya nung dumating si Jesus, ’yun mismo ang ginawa Niya, tumingin Siya roon, nagsabi. At di lang Niya nakilala siya, sa pangalan, na Simon, kilala rin Niya ang kanyang tatay, na si Jonas, siyanga. At alam ni Simon noon pa man gaya ng sinabi sa kanya ng tatay niya, na ang Mesiyas ay isang propeta rin.

165 Ngayon, di po sa pamamagitan ng pagpapagaling. Mayroon na kasi silang kagalingan noon pa man, dun pa nga sa tubig ng Betesda, at sa lahat pa. Gumawa ang Diyos ng daan para sa pagpapagaling para sa Kanyang bayan, noon pa man. Pero heto nga ang Mesiyas na may pagkakakilanlan. Dali-daling, si Jesus, o . . . Pasensya na po.

166 Si Simon ay napagkilala niya ’yun. At sinabi ni Jesus sa kanya, batay sa kanyang paglalahad, na ang pangalan niya ay tatawagin, na alam n’yo na, “Pedro.”

167 Pagkatapos nakita rin natin dun na may isa pang nakatayo, na ang pangalan naman nung isa pang kabataang lalaki na ito, ang pangalan ay Felipe. At may kaibigan siya; kinaugalian na nilang pag-aralan ang mga Kasulatan nang magkasama. Kung madadako nga kayo sa Palestina, tingnan n’yo kung saan sila nangangaral dun. At kaya inikutan pa niya ’yung palibot nung burol dun, mga labing-limang milya din. At naabutan niya si Natanael sa ilalim ng isang—isang puno, dahil si Natanael

ay nagmamay-ari ng—ng—ng pataniman ng olibo. At kaya, sa pagdako niya roon, nakita niya siya na naroon sa ilalim ng isang puno't nananalangin. Sabi niya, “Halika, tingnan mo Siya na aming natagpuan, si Jesus ng Nazaret, anak ni Jose.” Sabi, “Halika. Halika, tingnan mo. Natagpuan na namin Siya.”

168 Tapos hayan na nga, alam n'yo, yamang, ang lalaking ito, siya'y—siya'y tunay na disenteng lalaki, ang sabi niya, “Ngayon papaanong magkakaroon ng anumang mabuti na magbubuhay sa Nazaret?”

169 Mangyaring 'yung kabataang lalaki'y nakapagbigay ng pinaka mainam na sagot na maibibigay ng sinuman sa isa pa. “Halika, tingnan mo.” “Huwag kang manatili lang diyan sa bahay at puna nang puna. Halika, dalhin mo ang Biblia mo, atin ngang saliksikin Ito.”

170 Ngayon, walang duda, sa paikot nung gilid ng burol habang binabagtas nila 'yun ay pinag-uusapan na nila, sabi, “Ngayon, alam mo, alam natin na kapag dumating ang Mesiyas, Siya'y darating na isang propeta.”

“Oh, tama, ibinilin 'yan sa atin ni Moises. Propeta mismo ang hinahanap natin.”

171 At, kaso nga lang, iniisip ng mga tao na, “Sa pagdating ng Mesiyas, ang Diyos na 'yun ay bababa mismo sa pasilyo, at dun Siya sa bakuran ng templo darating, at magsasabi, ‘Caifas, narito na Ako.’” Pero di nga ganoon ang pamamaraan ng Diyos sa bagay na 'yun.

172 Simple lang ang paggawa Niya. Doon Siya sa Kanyang Iglesya mismo tutuloy. Yun ang ipinunta Niya, ang Kanyang Iglesya mismo.

173 Pagkatapos heto na't nakita natin, ang sabi niya, “Naalala mo ba 'yung mamang mangingisda na nabentahan mo ng ilang isda, o nagbenta sa'yo ng ilang isda, isang beses, na wala nga siyang sapat na edukasyon para ilagda ang pangalan niya dun sa resibo?”

“Oo. Si Simon.”

174 “Sinabi Niya sa kanya na Simon ang pangalan niya, at sinabi maging kung sino—sino ang tatay niya. Buweno, hindi na nga ako magugulat kung sasabihin din Niya sa iyo kung sino ka pagdating mo dun.”

“Buweno, siges makikita natin.”

175 Dumako na siya roon sa harapan ni Jesus, kung saan man 'yun, marahil sa pila para sa pananalangin, o kung saan man, at humarap na siya roon. Si Jesus, ay nananalangin noon para sa mga maysakit. At tumingin Siya sa kanya. Ang sabi Niya, “Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya.”

176 Grabe, ibinunsod nun na magpakumbaba siya. Sabi niya, “Rabi,” na ang ibig sabihin ay guro, “kailan Mo po ako nakita? Papaano pong kilala Mo ako?”

177 Sabi Niya, “Bago ka pa tinawag ni Felipe, nung nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita.”

178 Yun nga ang tumumbok. Sabi Niya, “Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel.” Kita n’yo? Ang lalaki pong ’yun ay sinanay kung sa sinanay talaga. Alam na alam niya na ang Mesiyas na darating ay may—may pagkakakilanlan na kagaya nun, dahil Siya nga’y dapat na dumating bilang isang propeta. Kita n’yo? Dahil, kinakailangan na Siya ang Salita. At wala nga sila noon sa loob ng apatnaraang taon, tapos heto ang isang Lalaki na may pagkakakilanlan Mismo, nang saktong-sakto. Yun nga si Jesus, nang kahapon.

179 Ngayon, marami pa sana tayong matutugaygay na iba’t ibang mga tauhan, pero lalagpasan lang natin dahil sa oras.

180 May tatlong uri ng tao sa lupa, ang tatlong anak na lalaki ni Noe: Ham, Sem, Japhet; at ’yun po ang Judio, Samaritano, at Gentil. Ngayon, tayo na mga Gentil, mga Anglo-Saxon, di tayo noon naghihintay sa pagdating ng Mesiyas. May sukbit-sukbit pa tayong pambambo sa likod noong araw, at sumasamba sa mga diyus-diyosan, mga Romano, at kung anu-ano pa tayo. Pero ang mga Samaritano ay umaasa sa pagdating ng Mesiyas.

181 At dumarating lamang Siya sa mga tao na umaasa mismo sa Kanyang pagdating. Ganoon sa tuwina ang pamamaraan ng Diyos. Dumarating Siya para sa Sarili Niyang Bayan. Ngayon, pansinin.

182 Papunta Siya noon ng Jerico, pero may layunin nga Siya na Siya’y umikot ng daan at bumagtas sa Samaria, at dumating Siya sa isang bayan na ang tawag ay Sicar. At nung payaunin Niya ang mga alagad sa daan, para kumuha ng makakain, Siya po’y naupo roon. Tapos may babae, munting babae na marahil maganda ang itsura, sumapit siya roon sa balon ng alas onse. Dahil, di siya puwedeng magpunta roon ng umaga kasabay nung iba pang mga kadalagahan na nagpupunta roon, at kaya sa ganoong oras siya nagpupunta. Isa siyang—isa siyang babae na mayo di-kagandahang reputasyon. Alam natin kung anong ibig sabihin nun. At pagkatapos, siya, marahil ’yung buhok po niya’y nakalaylay nang ganoon sa mukha niya. At nagpunta na siya roon, para ibaba ’yung banga ng tubig sa balon. Ang itsura nga nun ay parang banga na may mga hawakan sa magkabila. Kakabitan ng lubid, para maibaba.

183 May narinig ’yung babae na nagsalita, “Dalhan mo Ako ng maiinom.” At sinilip nung babae. Nakita niya ang isang Lalaki na edad-media na’t nakaantabay roon, nakaupo roon na parang may sinasandalang pader, sa kabila naman ay ’yung tanawin nung lugar sa baba rito. At nakaupo Siya roon na nakasandal sa

may ginagapangan ng mga baging. Yung balon na 'yun ng bayan na 'yun ay nakatayo pa rin mapasa hanggang ngayon na ganoon ang itsura. Tapos sabi, "Dalhan mo Ako ng maininom."

¹⁸⁴ At 'yung Lalaki nga'y Judio. Mangyaring, may segregasyon sila ng lahi noon, hayan nga, kaya ang sabi, "Di tama . . . Hindi dapat kami. Di kailangan. Di Ka dapat humingi. Isa Kang—isa Kang . . . Isa Kang Judio, at isa naman akong babae na taga-Samaria. Tayo, wala po tayong kaugnayan sa isa't isa."

¹⁸⁵ Sabi Niya, "Pero, kung nakikilala mo kung Sino ito na kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maininom. Bibigyan Kita ng Buhay na di mo mapupuntahan na masasalok mo rito." Kita n'yo, ano 'yung sinisikap Niyang gawin dun? Kinakaugnay ang espiritu nung babae, hayan nga. Kita n'yo?

¹⁸⁶ Kaya, ang sabi nung babae, "Aba, sumasamba kami sa bundok na ito. At sinasabi Mo, 'sa Jerusalem.'"

¹⁸⁷ At nagpatuloy sila sa pag-uusap, nag-usap pa nang kaunti. Sa huli, natagpuan Niya kung nasaan ang kaguluhan sa babae. Napakarami niyang asawa. Ang sabi Niya, "Sige't kunin mo ang iyong asawa, pumarito ka."

Sabi nung babae, "Wala po akong asawa."

¹⁸⁸ Sabi Niya, "Tama 'yun. Naka-lima ka na, at itong isa na kinakasama mo ngayon ay di sa iyo." Sasabihin n'yo . . .

Kaya tingnan n'yo ang pagkakaiba nung babae at nung mga saserdote.

¹⁸⁹ Nung makita kasi nung mga saserdote na napangyari 'yung ganung bagay, may kongregasyon sila na dapat nilang tugunan. Napangyari na. Kita n'yo? Sila, kailangan nilang sagutin 'yun, kaya ang sabi nila, "Ang Lalaking ito ay Beelzebub, isang manghuhula, kung anong diyablo." Sabi, "Nagagawa Niya ang bagay na 'yan dahil sa kapangyarihan ni Beelzebub." Yun nga ang sinabi mismo ng mga saserdote.

¹⁹⁰ Ano ang sagot nung munting babae? "Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw ay isang Propeta. Batid namin, na kapag dumating ang Mesiyas, 'yan ang magiging tanda Niya. Yan ang gagawin Niya. Siya'y darating na Propeta."

¹⁹¹ Sinabi ni Jesus, "Ako Siya na nangungusap sa iyo." Oh, ang ganda! Tumbok na tumbok mismo. Kita n'yo?

¹⁹² Yun nga si Jesus Cristo ng kahapon. Yun din si Jesus Cristo mapasa hanggang ngayon, at magpakailanman. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Yun nga Siya. Siya ang Salita na nahayag, at ang Salita para sa panahon na 'yun ay bumaba at ipinakilala ang Sarili Nito.

¹⁹³ At, ngayon, sinabi Niya na gagawin Niya 'yun uli, babalik, ang propeta. Hindi nga maaari na di Niya gagamitin ang mga propeta Niya, dahil 'yun ang Salita. Ngayon, namatay Siya para

sa ating pagpapaging banal, isinugo pababa ang Espiritu Santo sa atin, ngayon pansinin, para gawin ang gampanin. Ngayon, ang sabi ng propeta, “Darating ang araw na wala nang araw o gabi, bagkus sa oras ng gabi ay Magliliwanag.”

¹⁹⁴ Ngayon ang araw ay sumisikat sa silangan at lumulubog sa kanluran. Ayon sa heograpiya, ganoon ang pag-usad nun. Ang usad ng sibilisasyon ay ayon sa usad ng araw, ganoon din ang Ebanghelyo. Kung maaalala n’yo, ang Ebanghelyo ay nag-umpisa dun noon sa Europa; tumawid ng mga dagat, patungo—patungong Alemanya; mula Alemanya, patungong Inglatera; mula Inglatera, tumawid ng mga katubigan patungong Estados Unidos sa Silangang Baybayin, at pagkatapos tumugaygay sa Kanluran. Ngayon, kung ito’y uusad pa, babalik ’yun uli sa Silangan. Nasa wakas na tayo.

¹⁹⁵ Ngayon may isang araw noon, na ang Anak ay lumitaw dun sa pasimula, ang A-n-a-k ng Diyos ay naparito noon sa lupa. Ngayon, nangako Siya na lilitaw muli sa oras ng gabi. Ngayon, narito na nga tayo sa mapanglaw na araw. Nagkaroon tayo ng dakilang mga pagtitipon. Nagpagaling tayo ng mga maysakit. Nagtamasa tayo ng dakilang mga sandali. At heto na bumuo tayo ng mga organisasyon, at mga eskuwelahan, at mga ospital, at mga seminaryo, na ayos lang naman, ngunit mapanglaw na araw. Pero nangako mismo Siya, “Na bago sumapit ang gabi, Magliliwanag.”

¹⁹⁶ Ngayon, sinabi ni Jesus, sa San Lucas sa ika-17 kabanata, ang sabi Niya, “Kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma.” Ngayon pakinggan pong maigi. Magtatapos na ako. “Kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, gayun din dito sa Pagparito ng Anak ng tao.” Ngayon, alam nating lahat ’yan. Ngayon, ang binasa nga Niya roon ay ang siya ring Biblia, sa Genesis, na binabasa natin.

¹⁹⁷ At pansinin n’yo ’yung eksena dun sa Sodoma. Ngayon, sa Sodoma, naroon nga ang tatlong uri ng mga tao. Laging may tatlong uri ng mga tao: ang mga mananampalataya, ang mga kunwang mananampalataya, at mga di-mananampalataya.

¹⁹⁸ Ngayon, heto nga si Abraham, ang pangalan niya ay binago mula Abram ay naging Abraham, na ang ibig sabihin, “ama ng mga bansa.” At di nga siya magkakaroon ng anak na sanggol hanggang sa ang pangalan niya ay Abram pa rin. Kailangang mabago ’yun sa Abraham, dahil ang ibig sabihin nung *ham* ay “ama ng mga bansa,” ngayon pansinin n’yo, “ama para sa mga bansa.”

¹⁹⁹ Ngayon pansinin, ’yung ganoon mismong eksena ay di pa kailanman nangyari nang ganoon, sa buong mundo, na tulad sa panahon mismo ngayon. Ngayon nakikita na natin na saktong-sakto na ang lahat ng bagay na nakalinya dun sa eksena noon sa Sodoma. Kung di kayo naniniwala, hubarin n’yo ang takip

ng inyong mga mata, at lumabas kayo roon at magmasid mismo sa lansangan araw-araw. Masdan n'yo, sa mga pahayagan man, saanman n'yo gusto. Sodoma na talaga, ganoon na ganoon na. Kita n'yo?

At naroon nga si Lot noon, sa ibayo ng Sodoma.

²⁰⁰ Pero heto si Abraham, ang hinirang, siya na may kamit na pangako, siya—siya'y wala sa Sodoma. Di siya nagtungo roon. Siya'y tinawag palabas.

²⁰¹ Ngayon, may tatlong grupo nga ng mga tao. Nandiyan ang lehitimo talagang mananampalataya, at nandiyan 'yung sala sa init sala sa lamig, na kahit sinong tagapagturo ay sasabihin sa inyo na si Lot ang kumakatawan dun sa nominal na iglesya na naroon sa Sodoma; at nandiyan din ang mga Sodomita. Ngayon pansinin. Haya't bago 'yung . . . Sila nga'y . . .

²⁰² Si Abraham at si Lot ay nag-aabang dun sa pangako, na anak na lalaki sa pamamagitan ng himala. Tama po ba? Yun po ba ang inaabangan ng Iglesya sa panahon ngayon? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang pagbabalik nitong Anak na ito, na si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, nag-aasam tayo sa Kanyang pagdating.

²⁰³ Ngayon tingnan n'yo na ang pagkakasalansan. Lahat nga'y aminado na siya'y nasa kondisyon na ng pagiging Sodoma. Ako nga'y napadaan lang sa California, dito nung isang araw, at may pinulot akong magasin, o diyaryo, na mababasa dun, "Ang homoseksuwalidad ay tumaas ng animnapung porsiyento, nung nakaraang taon." Kita n'yo? Oh, grabe! Kahabag-habag. Kita n'yo? Haya't dahil inilaladlad ng mga kababaihan ang buo nilang katawan. Siyanga. At maglalakad dun sa kalsada, na hubad. At sadyang—sadyang kahiya-hiya. Pero sinabi nga ng Biblia na magiging ganoon ang gawi nila. At kahit 'yung mga kalalakihan mismo, haya't sila'y—sila'y—sila'y talagang iba na. Kita n'yo? At palala na nang palala. Kung may, may, kung ang sanlibutan ay magkakaroon pa ng karagdagang limampung taon, ang buong sanlibutan nga'y tutugaygay sa ganap na pagkabiliw. Tingnan n'yo na lang 'yung estado ng pag-iisip apatnapu, dalawampung taon ang nakaraan, tapos itong sa ngayon. Kita n'yo?

²⁰⁴ Ngayon tingnan n'yo po 'yung eksena. Heto si Abraham, ang hinirang, tinawag palabas dito ngayon. At nandun naman si Lot sa ibayo ng Sodoma. At may tatlong Anghel na lumitaw dun. Dalawang Anghel ang nagtungo roon, para kausapin si Lot, at ipinangaral nila ang Salita, at sinisikap na mailayo si Lot mula sa dakong 'yun. Tama ba? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pero itong Isa ay nanatili roon kay Abraham, itong Isa ngang ito'y di na nagsikap na mapalayo si Abraham mula sa kung anong lugar, dahil siya'y nakalabas na. Kita n'yo? Siya'y nakalabas na.

205 Pero tingnan n'yo 'yung uri ng tanda na Kanyang ginawa. Ngayon tingnan n'yo. Nakaupo Siya roon na ang likod Niya ay nakabaling palayo mula sa tolda, at si Sarah ay naroon noon sa loob ng tolda, sa likod lang Niya. Hindi pa Niya nakikita siya, kahit kailan. At alalahanin n'yo, isang araw lang o dalawa lang bago 'yun, ang pangalan niya'y Abram; at, siya, ang pangalan niya ay Sarai. Ngayon Sarah na siya, S-a-r-a-h. Siya nama'y A-b-r-a-h-a-m na. Sabi Niya, "Abraham, nasaan ang iyong asawa, na si Sarah?" S-a-r-a-h.

Sabi, "Siya'y nasa loob ng tolda, sa likod Mo."

206 Sabi Niya, "Dadalawin Ko kayo sa ganitong panahon ng taon." Ngayon, dalawampu't limang taon na hinintay niya ang anak na 'yun. Siya'y halos mag-iisandaang taon na noon. Siya nama'y sandaang taon na. Siya'y haya't siyamnapu na. Sabi-sabi, "Dadalawin Ko kayo sa ganitong panahon ng taon, at makakamit n'yo na ang anak na 'yun."

207 At si Sarah, para bang natawa siya, alam n'yo, lihim na natawa sa sarili niya. Sabi niya, "Ako, haya't isang matanda nang babae?" Kita n'yo? Bilang. . . Halo-halo po tayo na narito ngayon, pero nakukuha n'yo naman siguro ang gusto kong sabihin. Bilang lalaki at asawang babae, 'yung relasyon nila bilang mag-asawa ay taon, at taon, at taon na, ang lumipas, kita n'yo, dahil siya'y sandaan na at siya nama'y siyamnapu, pinatanda na talaga ng panahon. Sabi, "Ako magkakaroon pa ng kaligayahan sa aking panginoong, Abraham, at maging siya ay matanda na, rin?" Kita n'yo?

208 At pagkatapos itong Lalaki na ito, na ang likod Niya ay di nakaharap sa tolda, ang sabi, "Bakit si Abraham. . ." O, "Bakit tumawa si Sarah doon sa tolda, na sinasabi niya na ang mga bagay na ito ay di mangyayari?"

209 Tinawag Siya ni Abraham na, "Elohim." Ang Diyos 'yun. Si Elohim ang—ang "mag-Isang kusang nabubuhay nang walang hanggan," kita n'yo, ang may buong-kasapatan, ang mag-isang kusang nabubuhay. "Sa pasimula ang Diyos. . ." Kunin n'yo po 'yung salitang Diyos, tingnan n'yo 'yun dun, haya't 'yun din, 'yun din ang pagkakasalin nun, "Elohim." Ang mag-. . . Hayun nga roon noon si Elohim na nahayag sa laman, na kumain ng karne ng baka, uminom ng gatas ng baka, at kumain ng tinapay. At naupo't, nakipag-usap kay Abraham. At batid ni Abraham na kaya Niyang talusin kung ano ang nasa isip ni Sarah na naroon sa likod, at 'yun ang dahilan kung papaano niya nalaman na hayun ang Elohim.

210 Sinabi ni Jesus, pansinin, "Sa mga araw na ang Anak ng tao ay mahahayag, inihahayag sa huling mga araw, ay tulad sa mga araw ng Sodoma." Ang Diyos ay nahayag sa Kanyang Iglesya, sa mga tao, ipinakilala ang Sarili, kita n'yo, sa laman ng tao, kung papaano Siya noon. Ngayon tingnan n'yo.

²¹¹ Gusto kong tanungin kayo ng isang bagay. Sa lahat ng mga kapanahunan, magmula pa nung ang sinaunang iglesya ay nagpasimula, di pa sila nagkaroon ng mensahero sa kanila na ang pangalan ay nagtatapos sa h-a-m, ngayon lang, G-r-a-h-a-m. Tama. Na humayo roon, tinatawag ang mga tao, nina Oral Roberts, at ng isang Billy Graham, kita n'yo, h-a-m. Nagkaroon na noon ng Moody, Sankey, Finney, Wesley, Billy Sunday, lahat sila, kita n'yo, sa iglesya sa lahat ng mga bansa, iglesya sa buong mundo! . . .? . . . Pero wala ni isa na nagtatapos sa h-a-m ngayon lang, at 'yun nga si Billy Graham. Kita n'yo? At anim na letra po 'yun, G-r-a-h-a-m, anim, ibig sabihin. . . Ang tao ay ipinanganak, o nilikha noong ikaanim na araw. Ang bilang na anim ay bilang ng tao. Hayun nga siya, sa iglesya sa natural.

²¹² Si Abraham naman ay A-b-r-a-h-a-m, pitong letra. Kita n'yo? Tingnan n'yo mismo ang pagkakasalansan ng eksena sa panahong ito ngayon, at tingnan n'yo ang nangyayari mismo. Si Abraham ay nakakita ng maraming mga tanda't kababalaghan, at lahat na mismo na ginawa ng Diyos. Ganoon din ngayon ang Iglesya. Natanggap n'yo ang Espiritu Santo, nakapagsalita sa iba't ibang wika, nagpamalalas ng lahat nitong mga tanda't mga kababalaghan. Pero may pangako nga sa inyo, "Kung papaano noon, ay mangyayari ito muli." "Magliliwanag sa panahon ng gabi." Si Jesus Cristo, na siya pa rin; ang siya ring Anak ay magpapakita muli sa eksena, sa Kanyang Iglesya, at gagawin ang siya ring bagay na Kanyang ginawa noon, ipinapakita na Siya ang Salita na nahayag. Kita n'yo? Tinatalos ang lihim na naroon sa puso, inihahayag at ginaganap ang mga bagay-bagay na itinakda mismong gawin Niya. Ganap na 'yun mismo ang Salita ng Diyos.

²¹³ Medyo atrasado na tayo. Kaya atin nang iyuko ang ating mga ulo, pansumandali, habang dudulog po tayo sa Kanya at hihiling sa Kanya na pagtibayin ang Kanyang Salita.

²¹⁴ Makalangit na Ama, limitado lang po talaga ang oras; gugugol ng oras at mga oras, na uupo rito, para maisaysay lang, ang mula Genesis hanggang Apocalipsis, na ito na talaga ang oras. Oh Panginoon, itong unang beses na pagbisita namin sa mga maiinam na mga taong naparito sa dakong baybayin dito, na, alam namin na darating ang araw na ito'y mapapasailalim sa dagat, at wala ngang bato na mananatiling nakapatong sa isa pang bato. Magkakaroon ng. . . Oh, grabeng panahon talaga ang naghihintay sa hinaharap!

²¹⁵ Nawa, Panginoon, sa oras na ito na kami'y nagbibigay ng saksing-patotoo, nawa'y ang Espiritu Santo'y dumating mismo ngayon. At ang mga salitang ito na aking ipinangusap, Kanya nawang itaguyod ito, sa pamamagitan ng pagpapatunay rito. Na patunayan Niya sa mga taong naparito na Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang. . . At tuparin ang Kasulatan na 'yun. Batid po namin na di Mo naman. . . Di Mo

naman kailangan na gawin 'yun, Panginoon, para patunayan na Ikaw ang Diyos. Pero gaya nga ng nababasa namin sa Aklat ni San Mateo, doon sa bahagi ng ika-12 kabanata, hindi Niya kailangang magpagaling, para ipakita na Siya ay Diyos. Pero Kanya ngang ginawa, nang sa gayon ang bagay na 'yun ay magkaroon mismo ng katuparan. Narapat lamang na Kanyang tutuparin ang Kanyang Salita, at gustung-gusto Niya na gawin 'yun. At Kanya mismong gagawin 'yun, dahil Siya ay Diyos. At dalangin ko, ngayong gabi, ngayon, na Kanyang tutuparin ang Salita na ito rin, na ipinangako para sa oras na ito. Nawa'y ang lahat ng mga kapatiran, at maging ako, at lahat ng mga tao na narito, at sa mga kapatid naming babae, sa kalugud-lugod na grupo ng mga tao rito, nawa'y makita nila ang Iyong Presensya na narito mismo sa kalagitnaan namin. Amin pong hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²¹⁶ Ngayon, medyo atrasado na tayo sa oras, kaya tatawag na lang siguro tayo ng . . . Oo, talagang atrasado na po talaga. Mga sampung minuto na lang siguro, o labinglima. Tatawag lang tayo ng ilan dito sa pila para sa panalangin.

²¹⁷ Prayer cards, nakapagbigay ba kayo sa kanila ng A? Oo, mga A. Sige A, bilang isa, siguro'y bilang isa hanggang . . . Sino po ang may hawak ng prayer card A, bilang isa? Itaas n'yo lang ang inyong kamay. Kung nakakapaglakad ka . . . Diyan po sa munti n'yong card, may bilang na nakasulat diyan. A, bilang isa, itaas mo ang kamay mo. Wala po ba sa mga nakaupo?

²¹⁸ Buweno, nagkamali yata kayo. Prayer card A, bilang isa? [May isa na nagsasabi, "Narito, Kapatid na Branham."—Pat.] Buweno, oh, mayroon? Sige. A, bilang dalawa?

²¹⁹ Sige po't pumarito lang, kung magagawa mo, ginang. Sige po't pumuwesto ka lang dito. Buweno, tingnan natin, kaya ba niyang makadako riyan? Di yata. Oh, sige, diyan sa paibabang bahagi riyan. Sige.

²²⁰ A, bilang dalawa, sino po ang may hawak? Bilang tatlo? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Kung di kayo makalapit . . . Yan po ang dahilan kung bakit tinatawag natin, isa-isa, dahil baka kailangan naming alalayan sila para makaparito. Bilang tatlo? Bilang apat, sino po ang may bilang apat? Bilang lima? Dito sa ibaba rito, ginang. Pumarito lang.

²²¹ Bilang anim, prayer card bilang anim. Ito po yatang ginang dito na nagtataas ng kamay, na nakasuot ng munting, puting balabal dito? Nasa sa'yo ang bilang anim? Bilang pito? Minsan bingi sila, kaya baka di nila naririnig. Kung minsan di naman makalakad. Pito. Walo. Parang di ko yata nakita na nagtaas ang bilang walo. Puwede n'yo bang itaas ang inyong kamay? Hayan na. Siyam. Sampu. Sige.

²²² Maghintay lang tayo riyan nang kaunting sandali, haya't atrasado na po talaga. Tingnan lang po natin ito pansumandali.

Hawakan n'yo lang ang inyong mga card. Tatawagin namin kayo, isa-isa, kita n'yo, pero manatili lang po sa linya.

223 Ngayon, ilan naman dito ang walang prayer card? Itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, “May sakit ako. Wala po akong prayer card.” Itaas n'yo lang ang kamay n'yo, itaas lang nang maigi para makita ko. Sa palagay ko ay marami sa buong paligid. Ngayon, tingnan n'yo. Gusto ko pong mangusap sa inyo pansumandali habang nakapila sila.

224 Mayroon pong babae noon, sabihin na lang natin, haya't dun sa Biblia, sabihin na lang natin na wala rin siyang prayer card, kagaya n'yo. At, pero may pananampalataya siya. At kaya ang sabi niya—sabi niya, “Kung mahihipo ko lang ang Kanyang damit, ako'y gagaling.” Ilan ang nakakaalam dun sa kuwento? Mainam. At nung hipuin niya ang Kanyang damit, bumaling Siya at nagsabi, “Sino ang humipo sa Akin?”

225 Buweno, naisip ni Pedro na baka isipin ng iba na masyado itong sensitibo. Sabi niya, “Naku, nasasanggi-sanggi Ka naman ng lahat. Bakit Mo po sinasabi kung sino ang 'humipo' sa Iyo? Naku, baka di maganda ang isipin nila tungkol sa Iyo, kung Iyong. . .”

226 Sabi Niya, “Pero naramdaman ko na Ako'y nanghina.” May bisa na umalis mula sa Kanya. At bumaling Siya at tumanaw sa mga nakatingin sa Kanya roon hanggang sa makita Niya ang babae. At sinabi Niya dun sa babae, na, 'yung pag-aagas niya ng dugo, 'yung pananampalataya niya'y pinagaling na siya. Ilan po rito ang nakakaalam na 'yan ay totoo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

227 Ngayon, hindi ba't nasabi ko na itong katagang ito, “Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hindi ba't sinasabi ng Biblia, na, “Siya'y Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan?” [“Amen.”] Tama ba? [“Amen.”] Kung ganoon ay sa anong paraan Siya gagawa ngayon? Siya nga'y gagawa sa paraan kung papaano ang ginawa Niya noon. Tama po ba? Ngayon, alalahanin n'yo, maaari n'yo pa rin Siyang mahipo. Kita n'yo? Hindi nagsisinungaling ang mga Kasulatan. Kita n'yo?

228 Ngayon, ang tanging wala lang dito ay 'yung katawan Niya na nakikita. Pero kayo. . . Siya ang Puno ng Ubas, at kayo ang sanga. Kita n'yo? Ibig. . . Kayo ay sanga. Kayo ang kumikilos.

229 Kayo at ako ay kikilos nang magkasama. Ngayon, maski gaano pang kapuspos Niya ako pahiran, kinakailangan Niyang pahiran din kayo, hayan nga. Kita n'yo? Dahil, haya't—haya't kinakailangan ng kapwa negatibo at positibo, para makagawa ng liwanag. Kaya, ngayon, kayo nga'y—kayo nga'y kailangan din mismong manampalataya, siyanga rin.

230 Ngayon, kayo na mga walang prayer card, bumaling lang kayo sa direksyon na ito at sabihin, “Panginoong Jesus, ang

lalaki pong ito'y di ako nakikilala. Kung may isang bagay na nakakasigurado, ang lalaking ito'y di ako kilala. Pero ako po'y pinahihirapan talaga ng kung anong suliranin, at—at ipaging nawa na siya'y babaling din at sasabihin sa akin ang tungkol dun, gaya ng ginawa noon ni Jesus. At mangyaring alam ko na di niya ako nakikilala, kaya tunay nga na Ikaw 'yun, na sa ganoon ako—ako—ako'y makasampalataya rito." Magagawa n'yo po ba ito? Sasampalatayanan n'yo po ba ito? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sige po. Sige po. Maaari lamang na manalangin na ngayon.

²³¹ Kunin ko lang po ito. Parang mas maayos ang mikroponong ito. . . Mas maayos po. Parang mas malakas ang dating kaysa kanina.

²³² Ngayon, mga kapatid na lalaki, heto po ang Ebanghelyo na inyong ipinapangaral. Kita n'yo? At ipanalangin n'yo po ako.

²³³ Ngayon, ngayon ang bawat isa'y tumaimtim sa abot ng makakaya n'yo, at tumingin po sa gawi rito. At manampalataya kayo nang buong puso n'yo. Manampalataya po lamang, nang buong. . . haya't—haya't nang buong-buo sa loob n'yo. Sige po't manampalataya. At huwag mag-aalinlangan. Huwag na huwag kayong mag-aalinlangan, maski katiting.

²³⁴ Ngayon, ngayon narito po ang isang ginang na nakatayo rito. Sa tingin ko kami'y. . . Siya at ako'y estranghero sa isa't isa. Di ko siya kakilala. At. . . [Sinabi ng babae, "Minsan ko na kayong nakita noon."—Pat.] Nakita mo na ako minsan noon? ["Minsan po, sa Clearwater."] Saan po ito? ["Sa Clearwater, sa pagkakaalala ko."] Sa Clearwater? Gaanong katagal na 'yun? ["O, sa St. Petersburg po yata, 'yun."] Ganoon po ba. Sa St. Petersburg. Ganoon po ba. Nakapunta na ako noon sa—sa St. Petersburg. ["Opo."] Mga ilang taon na rin ang nakakaraan noon. ["Opo."] Buweno, ngayon, marahil naroon ka't nakaupo sa mga dumalo noon, o parang ganun. ["Opo."] Kaya. . . Di kita kakilala, alam mo, o haya't wala rin akong nalalaman tungkol sa iyo.

²³⁵ Kaya ngayon, heto ako na nakikipag-usap sa iyo, katulad nga ito noon sa ating Panginoon, at dun sa babae na nakatagpo, sa may balon, nung panahon na 'yun, kita mo. At—at Siya po'y nakipag-usap sa babae nang ilang sandali, para malaman kung ano ang suliranin sa kanya. At natagpuan Niya 'yun, dahil, kita n'yo, ang babae—ang babae ay tao at may buhay siya, isang espiritu. At Siya nama'y Diyos, at Siya'y may Espiritu mismo ng Diyos, na naroon sa Kanya. At may kung anong bagay na mali dun sa babae, at ipinakita sa Kanya ng Ama kung ano ito.

²³⁶ Alam mo, sinabi Niya, wala Siyang gagawin na anumang bagay hanggang sa ipakita sa Kanya ng Ama, unang-una. Alam n'yo, naroon 'yun sa San Juan 5:19. Tama po ba, kapatid na lalaki? [Sinabi ng mga kapatid na lalaki, "Amen."—Pat.] Ang sabi Niya, "Ako. . ." Haya't di muna't—di muna't kailangan

Niyang makita . . . Kinakailangan Niyang makita ito, muna. Si Jesus nga'y di gagawa ng isang bagay hanggang sa makakita muna Siya ng isang pangitain. Ilan po ang nakakaalam na 'yan ang katotohanan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] San Juan 5:19. "Hindi Ako makagagawa ng anuman kundi ang Ama . . . ang makita Ko na gawin muna ng Ama." Kita n'yo? Ngayon, kung Siya . . .

²³⁷ Ngayon, mangyaring, hindi ako Siya, at di rin naman ikaw 'yung babae. Pero nananatili pa ring Diyos 'yun. Kita mo? At narito tayo, nagkatagpo para sa isang layunin.

²³⁸ Ngayon, ito pong babae rito, gaya ng nalalaman n'yo, di po namin kilala ang isa't isa. Maraming taon ang nagdaan, siya po'y isa sa mga nakaupo dun na dumalo, katulad n'yo ngayong gabi, noong nandun po ako sa St. Petersburg, ayon sa kanya, sa isa pong pagtitipon. Wala po akong paraan . . . Siya'y ganap na di ko kakilala, wala akong nalalaman na anuman tungkol sa kanya, at alam 'yan ng Makalangit na Ama. Pero ngayon narito siya para sa kung anong kadahilanan. Maaaring para 'yun sa iba pang tao, suliranin marahil sa pera, suliranin sa tahanan. Siya po'y may sakit marahil, mismo. Di ko—di ko . . . Marahil para sa ibang tao. Di ko alam kung anong ipinunta niya rito. Kita n'yo? Siya po'y isang babae lang dito.

²³⁹ Ngayon sabihin na lang natin na may sakit siya, at ako po'y aakto na katulad nitong kalugud-lugod nating kapatid, na si Kapatid na Oral Roberts, at magpapatong ako ng mga kamay sa kanya, magsasabi, "Pinagaling ka na ng Panginoon at ang lagay mo'y pinaigi na," at humayo kayo't sampalatayanan 'yun. Mainam 'yun. Yun nga'y . . . Kasulatan naman mismo. At kung sasampalatayanan n'yo, gagaling talaga kayo. Kita n'yo? Pero, kita n'yo, pagmi-ministryo po 'yun ni Kapatid na Roberts; di po 'yun ang sa akin. Kita n'yo?

Ngayon heto po ang isang pagsilip dito, mas mataas ng isa dito sa huling kapanahunan.

²⁴⁰ Ngayon ano si Jesus? Ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon kung tatayo Siya rito na suot ang siya ring amerikana na ito na suot ko, na ibinigay Niya sa akin, ngayon, haya't kung ang babae ay may sakit, mapapagaling ba Niya ang babae? Ngayon dahan-dahan lang. Dahan-dahan lang. Hindi po. Hindi Niya gagawin. Ginawa na Niya kasi ito. Kita n'yo? Kita n'yo? "Siya'y nasugatan dahil sa'ting pagsuway; sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay tayo'y pinagaling." Ginawa na Niya ito. Ang tanging natitira na magagawa Niya ay ang ipakilala ang Sarili Niya sa babae, tama po ba, at sadya ngang ipakilala mismo na Siya'y nagbangon na mula sa patay, at nabubuhay. At ngayon, ipakikilala nga Niya ang Kanyang Sarili. At ang tanging paraan para magawa Niya 'yan, ay kung papaano

nga Siya noon. Siya'y mapagkikilanlan na Propeta. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁴¹ Ngayon, ako, di po ako ito, dahil wala akong—wala akong nalalaman tungkol dito, haya't labas na ako riyon. Mangyaring kinakailangan na Siya mismo. Kaya kung tayo ang sanga at Siya ang Puno ng Ubas, magpapadala Siya sa akin ng Kanyang Espiritu, para ipaalam sa akin ang ilang mga bagay tungkol sa iyo, o kung ano ba ang ninanais mo, ano ikaw noon, ano ka ngayon, o ano ka sa hinaharap, o kung ano. Malalaman mo nga kung ito ba'y Katotohanan o hindi, kung 'yun ay nangyari na. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Kaya ibubunsod talaga n'yan na makita mo talaga na Siya'y nabubuhay at nasa piling natin ngayon. ["Opo."] Kita mo?

²⁴² Kayo po ba riyon ay maibubunsod na manampalataya rin, kung Kanya itong gagawin? Ngayon itaas n'yo ang inyong mga kamay, gusto ko pong malaman, na kayo po'y nangangako sa Diyos na, "Maibubunsod nito na makasampalataya ako." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Na Siya'y, Kanyang. . . Kita n'yo?

²⁴³ Ngayon, kanina ko pa binabanggit na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon, Siya ba'y, Siya ba'y nabubuhay? Yun ang mahalaga. Nandito ba Siya? Tayo po'y sumigaw, at nakaramdam ng kung anong Bagay.

²⁴⁴ Kagaya na lang halimbawa ng isang lalaki na wala siyang paningin, tapos lalakad siya palabas at mararamdaman niya 'yung araw, di nga niya malalaman kung ano 'yun. Basta isang bagay na mainit. Pero kung ang lalaki ay nakakakita, haya't makikita nga niya kung ano 'yun, na masasabi niyang ang araw 'yun. "Ano ba ang araw?" Sa isang tao, na di nakakakita nang buong buhay niya, marahil, sa, isa ngang di pa nagkakaroon ng paningin noon.

²⁴⁵ Ngayon, ito na po mismo 'yung paningin. Haya't ang bagay na inyong sinasamba mismo't ipinagbubunyi, heto na Ito na inihahayag ang Sarili at nakikita n'yo na kung ano Ito. Kita n'yo? Ngayon heto na Ito, narito rin ang Biblia na nakapatong lang dito, at ang maininam na mga kapatirang lalaki sa dako rito at sa buong paligid.

²⁴⁶ Kapwa kami estranghero sa isa't isa. Ngayon nawa'y ang Panginoong Jesus ay maghayag. Ngayon, 'yung magpagaling, o maibigay sa kanya ang hiling niya. . . Kung pera, siguro po'y kung mababa lang, dahil wala po akong ganoong kalaki; pero gagawin ko; gagawin ko sa abot ng makakaya ko. Pero—pero, ngayon, 'yung magpagaling, di ko po 'yun kayang gawin. Kita n'yo? Kinakailangan na manggaling 'yun mula sa Kanya. Pero, ngayon, kung magsasabi Siya sa akin ng bagay na tungkol sa iyo; at alam mo na imposibleng may alam ako tungkol dun. At kung magsasabi Siya sa akin ng bagay na tungkol sa iyo,

ibubunsod nito na umigting ang iyong pananampalataya, di po ba't, ibubunsod ka nito na manampalataya na Siya'y narito? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo. Opo."—Pat.] Ngayon, nawa'y ipangyari Niya.

247 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inilalagay ko ang bawat espiritu na narito, sa ilalim ng aking pamamahala ngayon, para magbigay sa inyo ng pagpapatotoo sa Salitang ito ng Diyos. Akin lamang . . .

248 Manalangin lang ngayon. Kita n'yo? Sasabihin n'yo, "Ano pa bang hinihintay mo, Kapatid na Branham?" Ilan na ang nakakita ng litrato ng Liwanag na 'yun? Yun Siya . . . Narito na Ito, mismo ngayon. Narito na ito mismo ngayon. Ngayon di nga maitatago ng ginang ang kanyang sarili, subukan man niya. Di niya 'yan magagawa ngayon. Kalugud-lugod siyang ginang. Wala siyang dapat na ikabahala. Nararamdaman din niya na may kung anong bagay na nangyayari, hayan nga.

249 Pero, ang kailangan mismo ng ginang, siya po'y mayroong kondisyon na nakakapilay na palala nang palala sa kanya, arthritis na palala nang palala sa ginang. Ganoon nga. Yun 'yun. Kita n'yo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama po."—Pat.] Oo. Itaas mo ang iyong kamay kung totoo, kung arthritis nga. Ngayon maniniwala ka ba sa akin, kung masasabi ko sa iyo kung saan sumasakit nang husto 'yung arthritis? ["Opo."] Diyan sa mga buto mo. Ganoon nga. At mayroon pang ibang suliranin sa iyo. Naniniwala ka bang magagawang sabihin sa akin ng Diyos kung ano 'yun? May tumor ka. ["Opo."] Siyanga, po. Ganoon nga. Itaas mo ang iyong kamay. Naniniwala ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung nasaan 'yun? ["Opo."] Nasa dibdib po. ["Opo."] Ganoon nga. Iwagayway mo ang kamay mo nang *paganito*. Ngayon, kita n'yo, Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon sinasampalatayanan mo ba 'yan nang buong puso mo? ["Opo."] Humayo ka, at di ka na n'yan gagambalain pa, kung ganoon. Humayo ka lang, sige po't manampalataya lang nang buong puso mo. Yun lang ang dapat mong gawin. Kita mo? Humayo at manampalataya. Kita n'yo?

250 Ngayon, hayan nga, kita n'yo, di ko kakilala ang ginang. Ngayon, alam n'yo ba kung gaanong katagal akong nangusap sa inyo, lampas apatnapu't limang minuto siguro. Pero parang mas nakakaramdam ako ng panghihina ngayon, mula roon, kaysa nung nangusap ako nang mahaba kanina. Kita n'yo?

251 Ngayon heto po ang isa pang binibini. Kami'y estranghero sa isa' isa, sa palagay ko. Di namin kilala ang isa't isa, pero kilala kami pareho ng Diyos. Ngayon, kung makapagsasabi si Jesus sa akin ng kung anong bagay tungkol sa iyo, na alam mo na wala akong alam, makatutulong ba 'yun para magkaroon ka ng pananampalataya sa bagay na hihilingin mo? [Sinasabi ng

kapatid na babae, “Opo, ginoo.”—Pat.] Makatutulong din ba ’yan sa mga nakaupo rito ngayon? Kita n’yo?

²⁵² Ngayon, alalahanin n’yo, Siya mismo ang nangako na ’yung eksena ay saktong katulad dun sa Sodoma. Nakita n’yo naman ang Sodoma; nakita n’yo si Billy Graham, ang lahat, ganoon na ganoon. Ngayon masdan n’yo ’yung grupo ni Abraham sa dako sa ibayo, kita n’yo, ang—ang maharlikang Binhi ni Abraham. “Yamang mga patay na kay Cristo, tayo’y Binhi ni Abraham.” Ganoon nga, mga kapatid. Lahat tayo’y . . .

²⁵³ Isa pong tumor. [Sinababi ng kapatid na babae, “Amen.”—Pat.] Ganoon nga. Walang naging magandang dulot ’yung pag-oopera. At nagnanais ka na . . . Nagkakaroon ka ng kabalisaan dahil dun, sa tuwina. Nanampalataya ka ba na lilisanin ka na nito? [“Amen.”] Sige. Pagpalain ka ng Diyos. Sa kung paano mo nga ito sinasampalatayanan, ganoon din na mangyayari ito sa iyo. Sige po. Manampalataya lamang ngayon. Huwag mag-alinlangan, kita mo. Manampalataya, binibini. Sige po. Ang kasunod naman . . . Hayan nga. Kita n’yo?

²⁵⁴ Ngayon lumapit ka na. Ikaw na ang kasunod na pasyente. Ngayon, tayo’y estranghero, sa isa’t isa. [Sinababi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Tayo’y estranghero sa . . . Di pa kita nakikita kahit kailan. Ikaw nga’y . . . [“Di ko pa rin po kayo nakikita kahit kailan.”] Di mo pa ako nakikita kahit kailan sa buong buhay mo, at di pa kita nakikita kahit kailan sa buong buhay ko. Tayo’y dalawang tao na ngayon lang mismo nagkita.

²⁵⁵ Ngayon ano po ba ito? Isa itong kaloob. Kita n’yo? Ang kaloob po ay di tulad ng patpat o tabak, na ikaw mismo ang gagamit para magputol ng haya’t kung anong mga bagay. Ang kaloob po ay—ay isang daan para maisantabi mo ang sarili mo dun. Kita n’yo? Inyo ngang . . . Kailangan kong maisantabi ang sarili ko, tapos ang Espiritu Santo na ang buong kikilos. Kita n’yo? Di nga ito bagay na kukunin mo mismo at gagamitin mo. Isa itong kaloob para maisantabi mo ang sarili mo, tapos gagamitin ka na ng Diyos. Kita n’yo? Matapos na maisantabi mo . . . Katulad nga ng munting . . .

²⁵⁶ Di n’yo nga ’yun kayang ipaliwanag, dahil di n’yo kayang ipaliwanag ang Diyos. Ang Diyos po’y sinasampalatayanan natin. Di natin Siya ipinapaliwanag; di natin kaya. Nakikilala mo ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, at di nga sa pamamagitan ng siyensiya, o kung anong paraan. Di n’yo magagawang patunayan Siya sa pamamagitan ng siyensiya. Inyo lang Siyang sinasampalatayanan. Di n’yo magagawang patunayan kung ano ba ang pag-ibig. Di n’yo magagawang patunayan kung ano ba ang kagalakan. Ang buong kagayakan ng Diyos, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis, ang lahat pong ’yan ay sobrenatural. Kita n’yo? Di n’yo magagawang patunayan, pero

alam n'yo na kamit n'yo. Kita n'yo? Ganoon nga, kaya alam n'yo ito sa sarili n'yo.

²⁵⁷ Ang ginang po ay talagang balisa. Siya'y—siya'y may kung anong suliranin sa kanyang bibig, sa loob ng kanyang bibig. Ganoon nga. Kung ganoon, itaas mo ang kamay mo. [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Tama.”—Pat.] At maaaring magdulot ito ng kanser, kinakatakutan mo ito. Ganoon nga.

Ngayon sasabihin n'yo, “Hinulaan mo lang naman.”

²⁵⁸ Hindi ko po hinulaan, hayan nga. [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Hindi.”—Pat.] Di mo lang basta mahuhulaan 'yung ganung mga bagay. Tumingin ka, tumingin ka rito uli. Isa kang kalugud-lugod na tao. May nangyari sa iyo noon. Pero sige't akin lang. . .Heto, nagkaroon ka rin ng aksidente sa sasakyan, siyanga. Di po ba? [“Tama po.”] Kung tama, itaas mo ang iyong kamay. [“Amen.”] Haya't, nakita mo na, imposible na aking—aking malaman 'yan. [“Siyanga.”] Sige, kung ganoon, humayo ka na sa iyong daan, magalak. Sampalatayanan mo lamang ang Diyos. Amen. Sampalatayanan ito.

Sige't lumapit ka na. Manampalataya ka.

²⁵⁹ Sumasampalataya ba kayo? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, kayo na iba pa na nariyan, sige po't manampalataya lamang nang buong puso n'yo. Huwag mag-alinlangan, bagkus manampalataya na ang bawat salita ay katotohanan. Kita n'yo, hayun nga Siya. Hayan po ang inyong Panginoon. Siya'y nariyan mismo sa kalagitnaan n'yo. Inyo po bang sinasampalatayanan 'yan, kayo na nariyan? [“Amen.”]

²⁶⁰ Ngayon, tayo'y estranghero, sa isa't isa, sa tingin ko. Di kita kakilala, at di mo rin ako kakilala. Buweno, mainam 'yun. Ngayon totoo po 'yun dahil. . .Di pa ako nakakapunta sa dako rito noon, alam mo. Ngayon pa lang kami nakapunta sa bayan na ito. At—at may pangangailangan ka, o kung ano man 'yun. Naniniwala ka ba na magagawa ng Diyos na sabihin sa akin ang iyong—iyong pangangailangan, o kung ano man 'yun? Maniniwala ka sa akin. Di po 'yan para sa iyong sarili. Para po sa ibang tao. [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Tama po.”—Pat.] Ganoon nga. Ang iyong apo. [“Opo.”] At ang apo na 'yun ay may sakit na medyo nagpapabagal ng paglago ng isip. [“Opo.”] Ganoon nga. Sa ibang lugar din. Hindi sa dako rito. Parang New Mexico po. [“Opo.”] O sa. . .Sa New Mexico po. Doon nga. Humayo ka na, manampalataya ngayon, nang buong puso mo.

²⁶¹ Tayo'y estranghero, sa isa't isa. Atin, ito ang ating unang pagkikita. Pero. . .Sige po.

²⁶² Sa lalaki na nakaupo rian, 'yung bagay na ito, mistulang kumilos nang *paganito*, tinitingnan ko, pinahihirapan ka ng sakit sa tiyan, ginoo. Tama. Nakaupo ka rian at iniisip mo kung papaano 'yun naipangyari. Hindi po ba? At iniisip mo ang sarili mong tiyan. Kung tama, itaas mo ang iyong kamay. Di ko kilala

ang lalaki, di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Sige po. May bisyo ka na gusto mong mahinto, paninigarilyo. Gusto mo bang mahinto na ang paninigarilyo mo? Yun ang dahilan nung problema sa tiyan, kapag naninigarilyo ka; 'yung nicotine ay bumababa dun, pinahihilab nang katakot-takot ang iyong tiyan. Di ko pa nakikita ang lalaking ito sa buong buhay ko, at heto nga siya. Ngayon tumayo ka, kung 'yun mismo ang katotohanan, ginoo. Iwinawaksi ko ang paninigarilyo mula sa iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, humayo ka't magaling ka na. Ngayon, di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Ano 'yun na hinipo niya? Ang Panginoon ang hinipo niya.

²⁶³ Heto rin, na 'yung binibini na nakaupo sa tabi mo rian, na isang mahal sa buhay, siya'y may suliranin din sa tiyan, hayan nga. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Ganoon nga. Gusto mong maalpasan 'yang sakit mo sa tiyan, binibini? Kita mo, ang Espiritu, haya't ito na ang huling panahon. Nakikita n'yo ba 'yung Liwanag na 'yun na nakapalaot sa paligid, sa tabi nila? Hayan nga. Sige. Hayan nga. Ngayon humayo ka na, manampalataya, lilisanin ka na ng pagkanerbiyos mo. At 'yun ang dahilan nung sakit sa tiyan. Ganoon nga. Manampalataya ka na nang buong puso mo ngayon. Sige.

²⁶⁴ Heto rin, na may isa pang binibini na nakaupo rian, sa tabi mo, may allergy siya. Kung tama 'yun, tumayo ka, binibini. Hayan nga. Tumayo ka at ipatotoo mo 'yun. At, sige, ikaw ba'y sumasampalataya na na aalisin na 'yun ng Diyos mula sa iyo? Kung ganoon ay matatanggap mo ang hinihiling mo.

²⁶⁵ Ngayon, di ko pa sila nakikita sa buong buhay ko. At 'yun naman talaga ang katotohanan. Ano 'yung hinipo nila? Hinipo nila ang—ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan. Sinuman kayo sa dako rian, sige't kayo po'y manampalataya lang sa siya ring bagay na 'yun. Sige po't manampalataya lang.

²⁶⁶ Nakaupo nga rian, ang isang lalaki na nag-aasam ng bautismo ng Espiritu Santo. Naghahanap din Siya ng trabaho, hayan nga. Nanampalataya ka ba na ibibigay sa iyo ng Diyos ang Espiritu Santo, at ibibigay sa iyo ang trabaho? Ngayon sige po't itaas mo ang iyong kamay; ikaw rian, nakaupo rian na puting damit ang iyong suot. Buweno. Di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko, pero 'yun nga mismo ang kanyang iniisip. Kung tama 'yun, iwagayway mo ang kamay mo nang *paganito*.

²⁶⁷ Ngayon nakikita n'yo na ba? Tinatalos ng Salita ng Diyos ang pag-iisip at haka ng puso. "Si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Siya nga ito na nariyan. Di naman puwedeng ako ito. Hindi ako 'yun. Ako po'y dalawampung yarda ang layo dun sa lalaki. Pero ang hinipo nga ng lalaki ay ang Dakilang Saserdote. Oh, ang maisip lang na si Cristo ay narito, kaibigan, inyo po bang maiisip?

268 Pasensya na po, ginang. Kinakailangan ko lang sumunod, opo, dahil talagang malakas ang hatak ng pananampalataya. Nag-umpisa na 'yun dun, kaya mahirap na ngayong isantabi, kita mo. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Ayos lang po."—Pat.] Sige po. Isa kang mananampalataya. ["Siyanga, po."] At nananampalataya ka na 'yung pag-oopera na isasalang ka, nananampalataya ka ba na kayang alisin 'yun ng Diyos mula sa iyo bago 'yung pag-oopera? Iyo rin bang sinasampalatayanan, hayan nga? ["Ako nga'y ooperahan po."] At nananampalataya ka ba ngayon na . . . May anak na babae po sila na may kung anong uri ng hay fever, o parang ganoon. Nananampalataya ka ba na pagagalingin siya ng Diyos mula sa hay fever na 'yan? Sinasampalatayanan mo? Sige. Ngayon sige't pumunta ka sa kanya't patungan mo siya ng kamay, at manampalataya ka nang buong puso mo, at pagagalingin siya mismo ng Diyos. Manampalataya.

269 Gusto mo bang kumain na ng iyong hapunan? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Nananampalataya ka ba na 'yang tiyan mo ay iigi? ["Opo."] Kung ganoon, sige't kumain ka na. Ang Panginoong Jesus ay narito. Sige po.

270 Halika, alalayan n'yo ang ginang. Manampalataya. Huwag mag-alinlangan. Halika, ginang. Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang diabetes na 'yun, paigihin ka? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo, kapatid."—Pat.] Nang buong puso mo, sinasampalatayanan mo ba ito? ["Amen."] Sige, humayo ka na sa daan mo, magalak at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus," nang buong puso mo.

271 Magagawang pagalingin ng Diyos 'yang problema mo sa likod, paigihin ka. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Buong-buo po."—Pat.] Sige, humayo ka na sa daan mo, sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus, nang buong puso." Kinakailangan mong manampalataya.

272 Halika, binibini. Kabataan ka pa. Pero, madali ka ngang mamamatay, dahil sa sakit sa puso. Pero nananampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos 'yang puso mo? Sige humayo ka na kung ganoon sa iyong daan, magalak, magsabi, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus." At manampalataya ka lamang nang buong puso mo. Sige.

273 Halika, ginoo. Nagkaroon ka ng pagkanerbiyos, nagdulot 'yun ng peptic ulcer sa iyong tiyan. Sige, kumain ka na ng hapunan mo. Pinaigi ka na ni Jesus Cristo. Manampalataya ka nang buong puso mo. Sinasampalatayanan mo ba ito?

274 Nananampalataya ka na kayang pagalingin ng Diyos ang hika na 'yan? Ikaw na nakaupo riyon, nakatingin sa akin, may suot na salamin; munting, pakuwadra-kuwadradong disenyo ang damit. Sa binibini po, nananampalataya ka ba, ikaw na nakaupo riyon sa dulo? Nananampalataya ka ba na kayang resolbahin

ng Diyos ang hika na 'yan? Itaas mo ang kamay mo kung sinasampalatayanan mo. Sige po. Pagagalingin ka Niya.

275 Ano ang naiisip mo tungkol dun, sa eksenang 'yun sa likod niya, ginoo? Nananampalataya ka ba na makakaiwas ka rin sa pag-oopera ng tumor? Nananampalataya ka ba kukunin ng Diyos ang tumor na 'yan at pagagalingin ka, pagagalingin ka mula sa tumor na 'yan? Nananampalataya ka? Sige po, ginoo, matatanggap mo rin ang sa iyo, siyanga. Kita n'yo? Sige. Kung makasampalataya lamang kayo at di mag-aalinlangan, tunay na gagawin 'yun mismo ng Diyos. Amen.

276 Ilan po sa inyo rian ang nananampalataya, nang buong puso n'yo ngayon, na Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nananampalataya ba kayo na 'yun si Jesus na nagbangong muli? ["Amen."] Ngayon, kahit sino naman sa inyo ay alam na kung ako lang sa sarili ko ay di ko kayang gawin 'yun. Wala po akong nalalaman na anuman tungkol sa inyong lahat, pero Siya po ang nakakaalam.

277 Ngayon sinasabi rin ito ng Biblia. Ilan po sa inyo ang mga mananampalataya? Itaas n'yo ang inyong kamay. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, sinabi ni Jesus, ang huli Niyang mga Salita sa Iglesia, nung paalis na Siya, "Humayo kayo sa buong mundo, at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang sumasampalataya at ang mangabautismuhan ay maliligtas; ang sumasampalataya ay di mapapahamak. Ang mga tandang ito'y lalaki sa kanila na nananampalataya: kung ipapatong nila ang mga kamay nila sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? ["Amen."]

278 Ngayon maaari n'yo bang gawin ang isang bagay para sa akin kung ganoon? Ngayon po'y ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa. Wala po kayong gagawing iba kundi ipatong lang ang iyong kamay sa katabi n'yo, ipatong lang po nang paganoon. Ganoon po. Ipatong lang ang kamay sa kamay ng isa pa. Sige po.

279 Gusto kong tanungin kayo ng isang katanungan. Gusto ko pong tumingin kayo sa akin. Alalahanin n'yo, gaya nga ng mariing pagkakasabi rito ng Kasulatan, si Abraham ay di na nakakita pa ng isa't panibagong tanda hanggang sa ang anak na lalaking 'yun ay dumating. Yun ang huling tanda na nakita ni Abraham. Lagi pong may tanda. Sasabihin ko nga sa inyo, Iglesia, ito na ang huli n'yo. Ang pagpapakita ng Anak ay nalalapit na talaga. "Sa oras na di ninyo iniisip, Ito'y aagawin na." Ang mga tao'y magpapatuloy pa rin sa pangangaral nila, iniisip na maliligtas pa sila, at lahat. Siya nga'y . . . Katulad nga nung dumating noon si Juan, at lahat, nagpatuloy lang ang mga tao, tapos na pala ang panahon. Mas nalalapit na po kaysa sa naiisip natin.

Ngayon nakapatong na ang inyong mga kamay sa isa't isa.

²⁸⁰ At nasaksihan n'yo na ang isang bagay na ipinangako ni Jesus na sa huling mga araw na ito, ay Kanyang gagawin, at heto nga't Siya'y bumaling mismo at ginawa nang saktong ang Kanyang sinabi.

²⁸¹ Ngayon, sinasabi n'yo na kayo'y mananampalataya. Ako po'y naniniwala riyan. Ngayon, nakapatong na po ang inyong mga kamay sa katabi n'yo riyan.

²⁸² At ang Kanyang Presensya ay narito na ngayon. Ngayon, Siya po ito. Nakikita ko nga ngayon na may isang lalaki na pinagaling mismo ngayon, ngayon mismo, na ang kamay niya ay nakapatong sa katabi. Kita n'yo? Ito nga'y—ito nga'y kung ano—kung ano talaga ang nilayon para Rito na ipangyari.

²⁸³ Pero, kita n'yo, dumating nga ito sa panahon na umiiral ang kapanahunan ng iglesyang Laodicea. Kung dumating ito sa panahon ng rebaybal, madali lang po sana at gagana na agad nang *paganoon*. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang isang beses—Pat.] Pero, kita n'yo, ito nga'y dumating nung Siya'y sipain palabas ng iglesya. Naalala n'yo, nung isang araw, nung magkaroon ng lindol? Naaalala n'yo 'yung kapanahunan ng iglesyang Laodicea? Siya'y naroon sa labas ng iglesya, kumakatok, sinusubukang makapasok muli. Kita n'yo? Dumating nga sa ganoon, kita n'yo. Sinusubukan Niya na makabalik. Ninanais Niyang ipakilala ang Kanyang Sarili sa inyo, sa inyong—inyong pananalangin.

²⁸⁴ Ngayon, di kayo mananalangin sa sarili n'yo. Ipanalangin n'yo 'yung tao na pinapatungan n'yo ng kamay, dahil sila po'y nananalangin naman sa inyo. Kita n'yo? At, pagkatapos, kayo po'y mananampalataya nang buong puso n'yo. Manalangin kayo gaya nang ginagawa n'yo sa inyong simbahan. Kung malakas ang boses n'yo na manalangin, manalangin nang malakas ang boses; kung nananalangin naman kayo nang pabulong sa sarili n'yo, manalangin kayo nang pabulong. Kung paano man ang ginagawa n'yo sa inyong simbahan, manalangin kayo.

²⁸⁵ At sabihin, “Panginoong Jesus, nakatitiyak po ako na ako'y nasa Iyong Presensya na ngayon. Ang dakilang Panginoong Jesus na ibinangon mula sa patay at ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa dakong ito mismo ng bulwagan sa ibaba rito, at, tunay po, malapit sa, o sa Tampa, Florida. Nandito po ako sa ibaba, at heto Ka po sa bulwagan na ito, ngayong gabi. At sa Espiritu na taglay Mo sa Sarili Mo noong narito Ka noon, Iyo pong ipadala Ito muli sa amin. At nakikita po namin sa sarili naming pananampalataya, o kay Kapatid na Branham nang may pananampalataya, sa pamamagitan ng kaloob na iginawad sa kanya, na ipinanganak siyang nasa kanya na 'yun. At heto po na siya'y may kamit na pananampalataya, na tumayo riyan at itambad ang kanyang sarili mula sa lahat, nang di nakikilala

ang sinuman sa amin. At dumating Ka at pinagana ang kaloob, dahil isinantabi niya mismo ang kanyang sarili nang maluwig. At Iyong, kanyang. . . Iyo pong ginamit 'yun. Heto nga na hayan ang mga tao na nasa ibabaw ng entablado, na kitang-kita ng mga nakaupo rito, ganap na estranghero, at ipinahayag Nito ang Salita. Ang Salita ng Diyos ay nahayag, ipinakilala na Siya ang Salita, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Heto Ka nga! At ako'y isang mananampalataya sa Iyo. At ang akin pong kamay ay nakapatong sa isang katabi, at ang kanila rin namang kamay ay nakapatong sa akin. Ngayon, dakilang Presensya ni Cristo, Iyo pong pagalingin ang tao na ito."

²⁸⁶ At sige po't ipapanalangin ko kayong lahat. Ngayon inyo lang ipanalangin ang isa't isa, habang mananalangin ako para sa inyong lahat. At gagaling kayo, bawat isa sa inyo, ngayon mismo, bawat isa na sasampalataya rito.

²⁸⁷ Makalangit na Ama, habang ang grupo po ng mga tao ay narito, sa gabing ito. At aming—aming pinasasalamat na Ka para sa Iyong Presensya, Panginoon. Yun ang patunay sa amin na ang aming relihiyong Cristiano ay totoo. Ang relihiyong Mohammed, Buddha, at lahat sila, sila'y patay at nasa libingan. Pero may libingan kami na walang laman, at isang buhay na Cristo Na narito't kasama namin, sa gabing ito, ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa Persona ng Espiritu Santo, na kumikilos sa amin at nagpapakita na Siya ay Salita sa oras na ito. Siya ang Salita, para bigyang-buhay ang mga pangakong ito para sa panahong ito. At kung nagagawa nga Niyang mapagkilanlan ang pangako, na ipagkilanlan ang Sarili Niya sa pamamagitan nun, gaano pa kaya na tutuparin Niya ang Kanyang pangako ng kagalingan, na saksi kami na ipinangyayari sa lahat ng mga taon na ito na nagdaan!

²⁸⁸ Iyo pong tingnan ang kamay ng mga mananampalataya, Panginoon, na nakapatong mismo sa isa't isa. Iniaalay ko po ang panalangin na ito para sa kanila, Panginoon, na ang bawat isa sa kanila ay mapagaling. Iyo pong ipagkaloob ito. Nawa'y ang kapangyarihan ni Jesus Cristo ay dumaluyong sa bawat isa sa kanila. At dumating nawa ang pananampalataya, na kanila pong. . . Di man, kahit di nila kilala ang tao, na pinapatungan nila ng kanilang kamay. Pero batid nga namin na narito Ka, at Ikaw mismo ito na hinihipo namin sa pamamagitan ng aming pananampalataya.

²⁸⁹ Satanas, sa Pangalan ni Jesus Cristo, lisanin mo ang mga taong narito. Lumayas ka mula sa mga taong ito, nang sa gayon sila'y makahayo at maging malaya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Sige po, kapatid na lalaki.

²⁹⁰ Ilan po sa inyo ang nananampalataya nang buong puso n'yo na pinaigi na kayo ni Jesus Cristo? Tumayo, sabihin, "Ako po'y

nananampalataya.” Sige po, ngayon ang pananalangin na may kalakip na pananampalataya ay naipanalangin na. Kahanga-hanga. Mainam. Pagpalain kayo ng Diyos. Lutas na. Amen.

²⁹¹ Ngayon, ilan naman sa inyo, na kanina’y nakalaylay lang nang *paganito* ang mga kamay, at di naniniwala kay Cristo, at di pa Siya natatanggap ngayon bilang inyong Tagapagligtas, at nagnanais na itaas ang mga kamay sa Kanya? Sabihin n’yo, “Sa Iyong Presensya, Panginoon, ang siya ring Diyos na aking sinasampalatayanan na hahatol sa akin sa Araw ng Paghatol, Siya’y narito sa anyo ng Espiritu Santo, akin Ka na ngayong tinatanggap bilang aking Tagapagligtas.” Itaas n’yo ang inyong kamay, sabihin, “Gagawin ko po.” Oo. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw. May iba pa ba? Ikaw. Pagpalain ka ng Diyos. Napaka inam. Diyan, pagpalain ka ng Diyos. May iba pa ba? “Itataas ko ang aking mga kamay. Ninanais ko na ngayong tanggapin Siya habang Siya’y narito, na ako’y nasa Kanyang Presensya.”

²⁹² Wala na ngang mas ilalapit kayo, hanggang sa makatagpo n’yo Siya nang harap-harapan. Dahil, dito, lahat ng Kanyang mga katangian ay napagkilala na rito ngayon, pinagagaling ang mga maysakit, at tinatalos ang lihim ng puso. Siya ang Salita para sa oras na ito.

²⁹³ Sinasampalatayanan n’yo ba ’yan? Itaas n’yo ang inyong mga kamay ngayon, kung sino man. Mayroon pa bang iba pa na nagnanais na tanggapin Siya bilang Tagapagligtas, itaas n’yo nang maigi ang inyong kamay ngayon, para makita natin. Sige po. Pagpalain ka ng Diyos. Mainam ’yan. May, sa palagay ko, walo o sampu, labing-lima, ang nagtaas.

²⁹⁴ Ngayon iyuko n’yo po ang inyong ulo ngayon, habang mananalangin tayo para sa kanila, bawat isa. Kung nakatayo po kayo riyan malapit sa kanila na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, sige po’t sa mga Cristiano riyan ay magpatong lang ng mga kamay sa kanila.

Isa po sa mga pastor ang sige po’t pumunta lang dito, kung mamarapatin n’yo, nang madali.

²⁹⁵ Hihilingin ko sa isa sa mga pastor dito na mag-alay lang ng panalangin para sa inyo sa oras na ito, para sa kanila na mga kaluluwa na nagsipagtaas.



SI CRISTO AY NAPAGKIKILALANG SIYA PA RIN
SA LAHAT NG MGA SALINLAHI TAG64-0415
(Christ Is Identified The Same In All Generations)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Abril 15, 1964 sa McKay Auditorium sa Tampa, Florida, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org